

MGA ARALING PANSABADO MULA SA BIBLIA
Sangay ng mga Nakakatanda
Pakikinig sa
Tinig ng Diyos
Vol. 91, no. 3
Hulyo-Setyembre, 2015

# Mga Nilalaman

**1. Maaari Bang Makinig Kayo? ……………… 5**

**2. Praktikal na Pakikinig………………….… 10**

**3. Ang Tinig ng Diyos sa Kalikasan ……..….. 14**

**4. Mga Kinatawan ng Diyos …………………. 20**

**5. Ang Tinig ng Diyos sa Iglesia ………….... 26**

**6. Pakikinig sa Ating Diyos …………………... 31**

**7. Paano Dapat Pag-aralan ang Biblia …..….. 36**

**8. Pang-unawa ……………………………... 41**

**9. Mag-ingat sa Katigasan ng Ulo! …………... 46**

**10. Pakikinig sa Walang Pag-aalinlangan ....... 52**

**11. Isang Kasaysayan ng Pakikinig sa Diyos … 56**

**12. Si Jesus ay Nakikinig sa Kanya Ama ……. 62**

**13. "Magsalita Ka, Panginoon" ………………. 67**

***Mga Aralin Mula sa Biblia*****,** isang programa para sa araw-araw na pag-aaral, na batay lamang sa Biblia at Espiritu ng Hula na walang idinagdag na opinyon. Ang mga sipi ay sinikap na mapaikli, upang maibigay ang maikli, tuwirang mga kahulugan. Ang mga panaklong [ ] ay ginamit sa ilang pagkakataon upang tiyakin ang malinaw, tamang kahulugan, at maayos na pagbasa. Ang malawakang pag-aaral sa mga pinagkunan ng mga sipi ay matapat na iminumungkahi.

# Paunang Salita

Sa maraming mga tinig sa sanlibutan ngayon, saan tayo babaling upang hanapin ang katotohanan? Paano natin malalaman ang kalooban ng Diyos at magbabantay laban mga panlilinlang ni Satanas? Mahalaga nga ba kung ano ang ating pinaniniwalaan?

" 'Sa kautusan at sa patotoo: kung hindi sila magsalita ayon sa salitang ito, tunay na walang liwanag sa kanila' (Isa. 8:20). Ang bayan ng Diyos ay itinuro sa Kasulatan bilang kanilang katiyakan laban sa impluwensiya ng bulaang mga propeta at ang mapanlinlang na kapangyarihan ng espiritu ng kadiliman. Ginagamit ni Satanas ang bawat magagamit na paraan upang hadlangan ang mga tao mula sa pagtamo ng kaalaman sa Biblia; sapagkat ang malinaw na sinasaad nito ay naghahayag ng kanyang mga panlilinlang. Sa bawat muling pagbangon ng gawain ng Diyos ang prinsipe ng kasamaan ay bumabangon sa mas masidhing paggawa; kanyang ginagamit ngayon ang sukdulan ng kanyang pagsisikap para sa huling pakikipagpunyagi laban kay Kristo at sa Kanyang mga tagasunod. Ang pinakahuling panlilinlang ay malapit ng buksan sa atin. Ang anti-kristo ay magsasagawa ng kanyang kababalaghang gawain sa ating paningin. Napakalapit ang pagkakatulad ng huwad sa tunay, na imposibling makilala ang kaibahan nila maliban na sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan. Sa pamamagitan ng kanilang patotoo ang bawat pangungusap at ang bawat himala ay dapat subukan.

"Sinomang nagsisikap na sumunod sa lahat ng kautusan ng Diyos ay lalabanan at kukutyain. Makakatayo lamang sila sa Diyos. Upang matiis ang pagsubok na kanilang haharapin, dapat nilang maunawaan ang kalooban ng Diyos ayon sa nahayag sa Kanyang salita; Mapaparangalan lamang nila Siya kung sila ay may tamang pang-unawa sa Kanyang ugali, pamahalaan, at mga layunin, at gumawa ayon sa mga ito. Walang iba kundi yaong mga nagpalakas lamang ng isipan sa katotohanan ng Biblia ang makakatayo sa pinakahuling labanan. Sa bawat kaluluwa ay darating ang mapagsaliksik na pagsubok: Sinusunod ko ba ang Diyos kaysa sa mga tao? Ang panahon ng pagpapasiya ay nasa atin na ngayon. Ang atin bang mga paa ay nakatayo sa bato ng hindi mababagong salita ng Diyos? Handa na ba tayo na tumayo ng matatag sa pagtatanggol sa kautusan ng Diyos at ng pananampalataya ni Jesus?"--GC, pp. 593, 594.

"Ang tinig ng Diyos ay nangungusap sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at maraming tinig ang ating maririnig; ngunit sinabi ni Kristo na dapat tayong mag-ingat sa kanila na magsasabi, 'Narito si Kristo, o naroon si Kristo.' At paano natin malalaman na wala sa kanila ang katotohanan malibang dalhin natin ang lahat sa Kasulatan?"--FW, p. 55.

"Ang Diyos ay magkakaroon ng isang bayan sa ibabaw ng lupa upang panatilihin ang Biblia, at tanging ang Biblia lamang, bilang pamantayan ng lahat ng mga doktrina at ang batayan ng lahat ng pagbabago."--GC, p. 595.

Ang ating pamana bilang Protestanting mga Kristyano sa pangkalahatan at partikular sa mga Repormador na Adventista ay naitatag sa isang matibay na paniniwala na ang tinig ng Diyos ay dapat na igalang higit sa bawat iba pa. Dalangin namin na ang serying ito ng mga aralin ay maging paraan ng pagtulong sa mga magbabasa upang makakilala, makaunawa, at sundin ang tinig ng Diyos sa bawat aspeto ng kanilang buhay.

*The General Conference Sabbath School Department*

***FIRST SABBATH OFFERING FOR A CHURCH RENOVATION IN HUNGARY***

**Leksiyon 1** **Sabbath, Hulyo 4, 2015**

# Maari Bang Makinig Kayo?

**"Ano pa ba ang dapat kong gawin sa aking ubasan, na hindi ko pa nagawa?" (Isa. 5:4).**

"Ang puso ng Diyos ay nananabik sa Kanyang mga anak sa lupa ng pag-ibig na mas malakas kaysa sa kamatayan. Nang ibinigay Niya ang Kanyang Anak, Kanyang ibinuhos sa atin ang buong langit sa isang kaloob. Ang buhay at kamatayan at pamamagitan ng Tagapagligtas, ang paglilingkod ng mga anghel, ang pagsusumamo ng Espiritu, ang paggawa ng Ama sa langit at sa lahat ng dako, ang walang tigil na paggawa ng mga makalangit na nilalang—lahat ay kasangkot para sa katubusan ng tao."—SC, p. 21.

**Mungkahing Babasahin:** *The Signs of the Times*, Abril 15, 1889.

***Linggo*** ***Hunyo 28***

**1. PAKIKIPAG-USAP SA DIYOS**

**a. Nais ba ng Diyos na makipag-ugnayan sa mga tao? Gawa 17:27; Isa. 65:1.**

"Ano ba ang maiisip ng mga anghel sa kawawang tao, na nasa ilalim ng panunukso, habang ang puso ng Diyos ay naghihinagpis para sa kanila, na handang magbigay ng higit pa sa kanilang hinihingi o iniisip, ngunit sila'y nananalangin ng napakaliit at napakaliit ng kanilang pananampalataya? Ang mga anghel ay nagagalak na yumukod sa harapan ng Diyos; masaya sila na maging malapit sa Kanya. Ibinibilang nilang pinakamataas na kagalakan ang pakikipag-usap sa Diyos; ngunit ang mga anak ng lupa, na ngangailangan ng higit na tulong na tanging Diyos lamang ang makakapagbigay, ay tila nasisiyahan na na lumakad na wala ang liwanag ng Kanyang Espiritu, ang pakikisama ng Kanyang presensiya."—SC, p. 94.

**b. Ilan sa atin ang nais ng Diyos na makaugnay ng personal? Heb. 8:11; Awit 4:3 (huling bahagi).**

"Ang Diyos ay mayroong walang hanggang pagpapahalaga sa kaluluwa na binili Niya ng Kanyang sariling dugo. Sila ang kapalit ng Kanyang dugo. Siya'y mayroong hindi mabigkas na pananabik sa kanila."—DA, p. 517.

**2. NAIS NG DIYOS NA MAGSALITA SA MGA NAGTALAGANG MGA TAO**

**a. Paano ang Diyos nakipag-usap kay Moises? Exo. 33:11 (unang bahagi). Anong uri ng tao si moises nang ang Diyos ay nakipag-usap sa kanya ng harapan? Bil. 12:3; Heb. 3:1, 2.**

"Akyatin mo ako sa bundok, 'inutusan siya ng Diyos. Kay Moises, bago naging kasangkapan sa pagligtas ng Isarael, ay itinakda ang apat na pung taong pakikipag-usap sa Kanya sa bundok. Bago dalhin ang mensahe ng Diyos kay Paraon, siya'y nakipag-usap sa anghel sa nagliliyab na puno….

"Gayon din tayo, ay dapat magkaroon ng panahon na mapag-isa para sa pagbubulaybulay at panalangin sa pagtanggap ng espirituwal na pananariwa. Hindi natin pinapahalagahan ang kapangyarihan at bisa ng panalangin ayon sa nararapat. Ang panalangin at pananampalataya ay gagawin ang anomang hindi magagawa ng kapangyarihan sa lupa."—MH, pp. 508, 509.

**b. Anong uri ng tao si Samuel nang unang nakipag-usap sa kanya ang Diyos? 1 Sam. 3:1 (unang bahagi). Bakit hindi nakilala ni Samuel ang Diyos nang Siya ay unang tumawag sa kanya? Talatang 4, 5, 7.**

"Si Samuel ay mabait, mapagbigay, masunurin, at magalang…. [Siya] ay matulungin at mapagmahal."—PP, p. 573.

**k. Anong uri ng tao si Cornelio nang ang Diyos ay nangusap sa Kanya sa pangitain? Kaanib ba siya ng iglesia noon? Gawa 10:1, 2. Paano si Cornelio tumugon sa mensahe ng Diyos? Talatang 7, 8.**

"Si Cornelio ay isang Centurion ng Roma. Siya ay mayaman at ipinanganak na marangal, at ang kanyang posisyon ay marangal. Isang pagano sa kapanganakan, pagsasanay, at edukasyon, sa pamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Hudyo siya'y nagtamo ng pagkakilala sa Diyos, at sinamba niya Siya ng buong puso, na ipinakita ang katapatan ng kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng habag sa mga dukha. Siya'y kilala sa malayo at sa malapit dahil sa kanyang pagiging marangal, at ang kanyang matuwid na buhay ay nagbigay sa kanya ng mabuting pangalan sa gitna ng mga Hudyo at mga Gentil. Ang kanyang impluwensiya ay isang pagpapala sa lahat na nakakaugnayan niya."—AA, pp. 132, 133.

**3. ANG DIYOS AY NANGUNGUSAP SA MGA HINDI MATAPAT**

**a. Anong uri ng tao si Cain nang ang Diyos ay nakipag-usap sa kanya? Gen. 4:3-5, 8.**

"Sa kabila ng hindi pagpansin ni Cain sa banal na utos, hindi siya pinabayaan ng Diyos, bagkus Siya'y nagpakababa upang makipagkatuwiranan sa taong nagpakita ng pagiging di-makatuwiran. At sinabi ng Panginoon kay Cain, 'Bakit ka nagalit? At bakit galit ang iyong mukha?' Sa pamamagitan ng mensaherong anghel ang banal na babala ay ipinadala: 'Kung gumawa ka ng mabuti, hindi ba't ikaw ay tatanggapin? At kung gumawa ka ng hindi mabuti, ang kasalanan ay nariyan sa iyong pintuan' (Gen. 4:6, 7). Ang pagpili ay inilatag mismo kay Cain. Kung magtitiwala siya sa mga merito ng pangakong Tagapagligtas, at susundin ang Kanyang mga hinihingi, matatamasa niya ang Kanyang pagpapala. Subalit kung siya ay magpapatuloy sa di-pagsampalataya at pagsalangsang, wala siyang dahilan upang magreklamo na siya ay itinakwil ng Panginoon."—PP, p. 74.

**b. Anong uri ng tao si Hagar nang ang Diyos ay nangusap sa kanya? Gen. 16:1-9.**

**k. Anong uri ng tao ang di-pinangalanang babae na dinala ng mga Escriba at Pariseo kay Kristo? Juan 8:3, 4. Ano na ang kanyang katulad matapos ang kanyang pakikipag-usap sa Kanya? Talatang 10, 11.**

"Ang babae ay tumayo sa harapan ni Jesus, na natatakot. Ang kanyang mga salita, 'Ang sinomang walang kasalanan, ang siyang maunang bumato,' ay dumating sa kanya na tulad sa parusang kamatayan. Hindi siya tumingin sa mukha ng Tagapagligtas ngunit tahimik na naghintay ng kanyang kapahamakan. Sa pagkamangha nakita niya ang kanyang mga tagapagsumbong na umaalis na walang salita at litung-lito; at ang mga salita ng pag-asa ay narinig niya, 'Ako man ay hindi kita hahatulan: humayo ka, at huwag ng magkasala' (talatang 11). Ang kanyang puso ay natunaw, at siya ay nagpatirapa sa paanan ni Jesus, na umiyak dahil sa dakilang pag-ibig, at sa mapait na mga luha ay nagpahayag ng kanyang mga kasalanan.

"Ito ang pasimula ng kanyang bagong buhay, isang buhay na dalisay at mapayapa, na naitalaga sa paglilingkod sa Diyos…. Ang nagsising babae na ito ay naging isa sa Kanyang pinakamatatag na mga tagasunod. Sa mapagpakasakit na pag-ibig at katapatan kanyang sinuklian ang Kanyang mapagpatawad na habag."—DA, p. 462.

## 4. KAPAG ANG DIYOS AY TUMANGGING MAGSALITA

**a. Bakit si Jesus ay hindi nakipag-usap kay Caipas sa panahon ng Kanyang paglilitis? Mat. 26:62, 63; Isa. 53:7.**

"Si Caipas ay isang palalo at malupit na tao, marahas at mapanakop."—DA, p. 539.

"Si Caipas ay ibinilang si Jesus na kaaway. Ang pananabik ng mga tao na makinig sa Tagapagligtas, at ang kanilang ipinapakitang pagtanggap sa Kanyang mga aral, ay gumising ng matinding paninibugho sa mataas na saserdote. Ngunit habang si Caipas ngayon ay nakatingin sa bilanggo, siya'y biglang humanga sa Kanyang malinis at marangal na pagkatao. Ang pagkahikayat ay dumating sa kanya na ang taong ito ay mula sa Diyos. At kanyang binura ng pangungutya ang kanyang kaisipan. At agad na narinig ang kanyang tinig sa mapaghamak, at nanunuyang tinig na hinihingi na si Jesus ay gumawa ng isa sa Kanyang mga himala sa harapan nila. Subalit ang kanyang tinig ay dumating sa mga tainga ng Tagapagligtas na tila hindi Niya ito narinig."—Ibid., pp. 704, 705.

"Nababasa ng Panginoon ang puso ng lahat at nauunawaan ang kanilang mga motibo at mga layunin."—4 T, p. 534.

**b. Ang Diyos ba ay nakipag-usap kay Saul noong mala pit na ang wakas ng kanyang buhay? 1 Sam. 28:5, 6. Bakit ganito ang pakikitungo ng Diyos sa kanya? 1 Sam. 15:22, 23.**

"Hindi tinatalikuran ng Panginoon ang isa mang kaluluwa na lumalapit sa Kanya na matapat at mapagpakumbaba. Bakit tinalikuran Niya si Saul na walang tugon? Ang hari sa pamamagitan ng kanyang sariling kilos ay inalis ang mga pakinabang ng lahat ng mga paraan sa pagsangguni sa Diyos. Itinakwil niya ang payo ni propeta Samuel; kanyang pinalayas si David, ang hinirang ng Diyos; pinatay niya ang mga saserdote ng Panginoon. Aasahan ba niya ang tugon ng Diyos gayong pinutol niya ang mga itinakda ng Langit na daluyan ng pakikipag-ugnayan? Siya'y nagkasala laban sa Espiritu ng biyaya, at siya ba'y sasagutin sa pamamagitan ng mga panaginip at pahayag mula sa Panginoon? Si Saul ay hindi lumapit sa Diyos na may kapakumbabaan at pagsisisi. Hindi kapatawaran ng kasalanan at pakikipagkasundo sa Diyos ang kanyang hinahanap kundi kaligtasan mula sa kanyang mga kaaway. Dahil sa kanyang katigasan at paghihimagsik kanyang inihiwalay ang kanyang sarili sa Diyos. Hindi na ito maibabalik maliban sa pagsisisi at pagkabagbag; subalit ang palalong hari, sa kanyang kapighatian at kawalan ng pag-asa, ay nagpasyang humingi ng tulong sa ibang pinanggagalingan."--PP, p. 676.

*Huwebes* *Hulyo 2*

**5. NAIS NG DIYOS ANG ATING PAKIKINIG**

**a. Paano sinikap ng Diyos na kunin ang pakinig ng iba't ibang tao sa nakalipas?**

- **Moises: Exo. 3:2, 3.**
- **Elias: 1 Hari 19:9-13.**
- **Balaam: Bilang 22:27, 28.**

**b. Sa ilalim ng anong mga kalagayan ang Diyos ay mangungusap sa atin ngayon?**

"Lahat ng nasa ilalim ng pagsasanay ng Diyos ay kailangan ng mapayapang oras para sa pakikipag-usap ng kanilang sariling puso, sa kalikasan, at sa Diyos. Sa kanila ay ipapahayag ang buhay na hindi kaayon sa sanlibutan, sa mga kasanayan nito, at mga gawain; at kailangan nila ang personal na karansan sa pagtamo ng kaalaman ng kalooban ng Diyos. Dapat na marinig ng bawat-isa sa atin ang Kanyang pangungusap sa ating puso. Kapag mayroong bulong ng ibang tinig, at sa katahimikan ay hintayin natin Siya, higit na makikilala ng katahimikan ng kaluluwa ang tinig ng Diyos. Inutusan Niya tayo, 'Manahimik kayo, at alamin ninyo na ako ang Diyos' (Awit 46:10). Ito ang mabisang paghahanda para sa lahat ng paggawa para sa Diyos. Sa gitna ng nagmamadaling karamihan, at sa bigat ng mga gawain, siya na nagpapahinga ay mapapaligiran ng liwanag at kapayapaan. Siya ay makakatanggap ng kaloob ng kalakasan ng katawan at isipan. Ang kanyang buhay ay magpapalabas ng halimuyak, at maghahayag ng banal na kapangyarihan na makakarating sa puso ng mga tao."—MH, p. 58.

"Siya na napasakdal kay Kristo ay dapat unang mawalan ng kapalaluan, ng pagtitiwala sa sarili. At magkakaroon ng katahimikan sa kaluluwa, at maririnig ang tinig ng Diyos."—ST, Abril 9, 1902.

*Biyernes* *Hulyo 3*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

1. **Paano natin malalaman na nais ng Diyos na makipag-usap sa bawat-isa sa atin?**
2. **Paano natin malalaman na ang Diyos ay nakipag-usap sa mga taong matatapat sa Kanya?**
3. **Paano natin malalaman na ang Diyos ay nakipag-usap sa mga taong lumakad na hiwalay sa Kanya?**
4. **Kanino tumanggi ang Diyos na makipag-usap, at bakit?**
5. **Paano ang Diyos nagsisikap na makuha ang ating pakinig?**

# Praktikal na Pakikinig

**"O karaniwang tao, unawain ninyo ang karunungan: at kayo na mga mangmang, magkaroon nawa kayo ng pusong nakakaunawa" (Kaw. 8:5).**

"Ang tinig ng tungkulin ang siyang tinig ng Diyos—isang nagbuhat at pinadala ng langit na gabay. Nakakalugod man ito o hindi, dapat nating gawin ang ating tungkulin na nakalatag sa ating daan."—RH, Dis. 29, 1910.

**Mungkahing Babasahin:** *Testimonies,* vol. 3, pp. 521-544.

***Linggo*** ***Hulyo 5***

**1. ANG TINIG NG DIYOS SA ARAW-ARAW NA BUHAY**

**a. Ano ang karaniwang paraan na ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban sa atin? Luc. 17:10. Ligtas ba tayo kung babalewalain natin ang paraang ito ng pakikipag-usap ng Diyos?**

"Walang sinoman ang maaaring maniwala sa kanyang puso tungo sa katuwiran, at magtamo ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, habang nagpapatuloy sa pagsasagawa ng mga bagay na ipinagbabawal ng Salita ng Diyos, o habang pinababayaan ang anomang nalalamang tungkulin."—1 SM, p. 396.

"Habang nabubuhay sa kapabayaan ng nalalamang tungkulin, si [Moises] ay hindi ligtas; sapagkat hindi siya maipagtatanggol ng mga anghel ng Diyos."—PP, p. 256.

"Ang tungkulin ay hindi tumatanggap ng pakikipaglaban, hindi nakikipaglaban sa anomang sumasalungat na kapangyarihan. Ang pinaka-mahalagang kaibigan at kamag-anak ay hindi dapat mamagitan sa inyong tungkulin at sa inyong Diyos. Ang tinig ng tungkulin ang siyang tinig ng Diyos sa ating mga kaluluwa."—RH, Hunyo 7, 1887.

**b. Bakit hindi nalugod ang panginoon sa aliping pinagkalooban ng isang talento? Mat. 25:26, 27; Luc. 16:10.**

"Sa di-pagtatapat maging sa maliliit na tungkulin, ninanakawan ng tao ang kanyang Manlilikha ng paglilingkod na para sa Kanya."—COL, p. 356.

## 2. PAGTANGGI SA PAKIKINIG

**a. Bakit ang kabataang mayaman tumangging gawin ang sinabi ni Jesus na dapat niyang gawin? Mat. 19:21, 22. Anong dalawang kasang-kapan ang ginagamit ng Diyos upang turuan tayo ng ating tungkulin?**

"Ang lalaki o babae na iniiwanan ang lugar na ibinigay ng Diyos sa kanila, upang paluguran ang hilig, at gumawa ayon sa kanyang sariling plano ay makakatagpo ng mga kabiguan, sapagkat pinili niya ang kanyang daan sa halip na ang daan ng Diyos."—SD, p. 175.

"May mga tao na nakakaunawa ng malinaw ng kanilang tungkulin, kung ang tungkulin ay kaayon sa kanilang likas na hilig. Maaaring ang dahilan o ang pangyayari ang magturo ng malinaw ng kanilang tungkulin; ngunit kapag ang daan ng tungkulin ay hindi kaayon sa kanilang mga hilig, ang mga katibayang ito ay madalas na hindi pinapansin. At ang mga taong ito ay nagkukunwaring lumapit sa Diyos upang malaman ang kanilang tungkulin. Ngunit ang Diyos ay hindi maaaring bolahin. Pahihintulutan Niya ang mga taong iyon na sundin ang hangarin ng kanilang sariling puso."—TW, Set. 1, 1908.

"Ang sinomang nagpapabaya sa mga hinihingi ng Diyos sa buhay na ito ay hindi igagalang ang Kanyang kapangyarihan kapag sila'y nasa langit."—4 T, p. 312.

**b. Bakit pinipili minsan ng Diyos na tumigil sa pagturo sa atin ng Kanyang kalooban? Isa. 59:1, 2; Awit 81:11, 12; Juan 7:17.**

"Walang tulong para sa lalaki, babae, o bata na hindi makikinig at susunod sa tinig ng tungkulin; sapagkat ang tinig ng tungkulin ay tinig ng Diyos. Ang mga mata, ang mga tainga, at ang puso ay hindi makakaunawa kung ang mga lalaki at mga babae ay tatanggi na makinig sa banal na payo at piliin ang daang pinakamaganda sa kanilang sarili."—SD, p. 175.

**k. Ano ang karaniwang dahilan ng hindi pakikinig sa Diyos? Deut. 1:43; 1 Sam. 15:23.**

## 3. HINDI KAILANGAN NG TAGAPAMAGITAN

**a. Dapat bang hintayin natin ang ibang tao upang ituro sa atin ang kalooban ng Diyos? Sant. 1:5, 6.**

"Hindi natin dapat ilagay ang ating tungkulin sa iba at maghintay sa kanila upang sabihin sa atin kung ano ang dapat gawin. Hindi tayo dapat umasa sa payo ng tao. Ang Panginoon ang magtuturo sa atin ng ating tungkulin tulad ng pagturo Niya sa iba. Kung tayo'y lalapit sa Kanya na may pananampalataya, Kanyang sasabihin ang Kanyang mga himala sa atin mismo. Ang ating puso ay madalas na nagniningas habang ang Isa ay lumalapit upang makipag-usap sa atin tulad ng Kanyang ginawa kay Enoc. Ang sinomang magpasyang hindi gumawa ng anomang bagay sa anomang hanay na magpapagalit sa Diyos, ay malalaman, matapos iharap ang kanilang kaso sa harapan Niya, kung anong gawain ang kanilang gagampanan. At sila'y tatanggap hindi lamang ng kaalaman, kundi ng kalakasan din. Ang kapangyarihan sa pagtalima, para sa paglilingkod, ay ibabahagi sa kanila, tulad sa ipinangako ng Diyos."—DA, p. 668.

**b. Ano ang ipinangako sa atin kung hihingi tayo ng gabay sa Diyos? Kaw. 3:5-7.**

"Kapag dumating ang kapighatian, at kaharap ninyo ang kahirapan, huwag humingi ng tulong sa tao. Ipagkatiwala ang lahat sa Diyos. Ang kasanayan ng paglalahad ng ating mga kahirapan sa iba ay nagpapahina lamang sa atin at hindi nagpapalakas sa kanila. Nabibigatan sila sa ating mga espirituwal na kahirapan, na hindi nila kayang lunasan. Humihingi tayo ng kalakasan mula sa nagkakamali, may kahinaang tao, habang tayo'y magkakaroon ng lakas mula sa di-nagkakasala, makapangyarihang Diyos….

"Dapat na mabawasan ang ating tiwala sa magagawa ng tao at lalong magtiwala sa magagawa ng Diyos sa bawat nananampalatayang kaluluwa. Sabik Siya na inyong hanapin sa pamamagitan ng pananampalataya. Sabik Siya na kayo ay umasa ng malalaking bagay mula sa Kanya. Sabik Siya na magbigay sa inyo ng pagka-unawa sa temporal at gayon din sa espirituwal na mga bagay. Mapapatalas Niya ang karunungan. Makakapagbigay Siya ng kaparaanan at kakayahan."—COL, p. 146.

"Hindi ba't sinabi ng Diyos na ibibigay Niya ang Banal na Espiritu sa kanila na humihingi sa Kanya? At hindi ba't ang espiritu na ito ay tunay, totoong gabay? Ang ilang mga tao ay tila natatakot na paniwalaan ang Diyos sa Kanyang salita na para bagang isang kapangahasan ito sa kanila. Sila'y nananalangin sa Panginoon na turuan tayo subalit natatakot na gamitin ang pangakong salita ng Diyos at maniwala na tayo ay tinuruan Niya. Habang tayo ay lumalapit sa Ama na may kapakumbabaan at may espiritung natuturuan, handa at sabik na matuto, bakit tayo ay mag-aalinlangan sa katuparan ng Diyos sa Kanyang sariling pangako?"—3 SDA BC [E.G. White Comments], pp. 1155, 1156.

**4. ANG SALOOBIN NG DIYOS PARA SA ATIN**

**a. Ano ang sinabi ni Kristo upang ihayag ang pagiging handa ng Diyos na turuan tayo ng kanyang mga daan, ng personal? Mat. 7:7-11.**

"Nais ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay humingi ng mga bagay na magbibigay sa Kanya ng pagkakataon na ipahayag ang Kanyang biyaya sa pamamagitan nila sa sanlibutan. Nais Niya na hanapin nila ang kanyang payo, na kilalanin ang Kanyang kapangyarihan. Ang Diyos ay naglatag ng mapagmahal na pag-angkin sa lahat ng pinagkalooban Niya ng kanyang buhay; dapat nilang sundin ang kanyang kalooban kung nais nila na makibahagi sa kagalakan na Kanyang inihanda para sa lahat na magpapakita ng kanyang ugali dito. Makakabuti sa atin na madama ang ating kahinaan, sapagkat tayo ay maghahanap ng kalakasan at karunungan na kinalulugdang ibigay ng Ama sa Kanyang mga anak para sa kanilang araw-araw na pakikibaka laban sa kapangyarihan ng kasamaan."--9 T, p. 284.

**b. Gaano ang pagkamatiisin ng Diyos habang Siya ay nagsisikap na makipag-usap sa atin? Roma 14:5 (ikalawang bahagi); 2 Ped. 3:9.**

**k. Gaano dapat ang ating pagkamatiisin sa iba sa kanilang pang-unawa sa mga daan ng Diyos? Mat. 7:12; Efe. 4:2; Luc. 6:37.**

"Bilang kasangkapan ng Diyos na may kalayaan, lahat ay dapat humingi ng kaalaman sa Kanya. Kapag ang mag-aaral ay lubos na umaasa sa kaisipan ng iba, at walang ibang ginagawa kundi tanggapin ang kanyang mga plano, ang tanging nakikita niya ay ang nakikita ng mata ng taong iyon, at siya'y alingawngaw lamang ng iba. Ang tao'y ibinibilang ng Diyos na may pananagutan. Siya ay gagawa sa pamamagitan ng kanyang Espiritu sa pamamagitan ng isipan na inilagay Niya sa tao, kung bibigyan lamang Siya ng pagkakataon na gumawa at kikilalanin ang Kanyang pakikitungo. Panukala Niya na ang bawat-isa ay gamitin ang kanilang isipan at konsiyensiya para sa kanyang sarili. Hindi niya layunin na ang isang tao ay maging anino ng iba, na tanging ang iniisip lamang ng iba ang kanyang binibigkas….

"Ang mga tao ay may kanya-kanyang pananagutan sa Diyos, at ang bawat-isa ay dapat kumilos ayon sa pagkilos sa Kanya ng Diyos, hindi ayon sa pagkilos ng iba sa kanyang isipan."--5 Ibid., pp. 724, 725.

"Walang sinoman ang dapat manghawak ng isipan ng iba, na magpasya para sa iba, o magtakda ng kanyang tungkulin. Ang Diyos ay nagbigay sa bawat kaluluwa ng kalayaan upang mag-isip at sundin ang kanyang sariling paniniwala…. Walang sinoman ang may karapatan upang isanib ang kanyang sariling pagkatao sa iba."--DA, p, 550.

**5. PAANO GINAGAMIT NG DIYOS ANG PAG-UDYOK**

**a. Bilang dagdag sa paggabay sa atin sa pamamagitan ng tinig ng tungkulin, ano pa ang ibang paraan na ang Diyos ay nangungusap sa atin? Isa. 30:21. Paano ginabayan ng Diyos si Maria sa pamamagitan ng pag-udyok ng Banal na Espiritu.**

"Hindi alam ni Maria ang buong kahalagahan ng kanyang ginawa bunga ng pag-ibig. Hindi niya masagot ang mga tagapagsumbong. Hindi niya maipaliwanag kung bakit pinili siya sa panahong iyon upang pahiran si Jesus. Ang Banal na espiritu ang nagplano para sa kanya, at siya'y sumunod sa Kanyang udyok. Ang Kinasihan ay hindi nagbigay ng dahilan. Isang hindi nakikitang presensiya, ito'y nangunusap sa isipan at kaluluwa, at hinihipo ang puso upang kumilos. Ito ay ang kanyang sariling pag-aaring ganap."--Da, p. 560.

"Ang isa pang paraan upang marinig ang tinig ng Diyos ay sa pamamagitan ng pagsamo ng Kanyang Banal na Espiritu, na ikinikintal sa puso, na maipapakita sa ugali."--5 T, p. 512.

Ang konsiyensya ay tinig ng Diyos, na naririnig sa paglalaban ng hilig ng tao; kapag ito'y tinutulan, napipighati ang Espiritu ng Diyos."--5 T, p. 120.

"Ang Diyos ay nangungusap sa atin sa pamamagitan ng Kanyang mga probidensiya at sa pamamagitan ng impluwensiya ng Kanyang Espiritu sa ating puso."--SC, p. 87.

**b. Laban sa anong pamantayan dapat nating itaas ang ating pang-unawa? Isa. 8:20.**

"Ang Biblia… ang nagpapakita ng tungkulin ng tao sa bawat pangyayari sa buhay."--4 T, p. 312.

"Kung ikaw ay nag-aalinlangan sa anomang paksa dapat kang sumangguni muna sa Kasulatan."--5 Ibid, p. 512.

*Biyernes* *Hulyo 10*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

**1. Kung pababayaan natin ang nalalamang tungkulin, ano ang kalagayan ng ating espirituwal?**
**2. Paano natin dapat kilalanin ang ating tungkulin?**
**3. Ano ang dapat nating gawin upang matutunan ang ating tungkulin?**
**4. Ano ang kaugnayan sa pagitan ng tungkulin at indibidwalidad?**
**5. Paano ginagamit ng Diyos ang pag-udyok? Paano natin ito mapagmamalabisan?**

# Ang Tinig ng Diyos sa Kalikasan

**"Ang Diyos ay nagpapakulog ng kahang-hanga ng kanyang tinig; dakilang bagay ang kanyang ginagawa, na hindi natin mauunawaan" (Job 37:5).**

"Tumingan ka sa kahanga-hanga at magandang mga bagay ng kalikasan…. Ang sikat ng araw at ang ulan, na nagpapasaya at dumidilig sa lupa, ang mga burol at ang karagatan at ang kapatagan, lahat ay nangungusap sa atin ng pag-ibig ng Manlalalang."--SC, p. 9.

**Mungkahing Babasahin:** *Education*, pp. 113-120.
*The Ministry of Healing,* pp. 50-58.

***Linggo*** ***Hulyo 12***

## 1. ISANG PANGKALAHATANG TINIG

**a. Saan sa sanlibutan hindi maririnig ang tinig ng Diyos sa kalikasan? Awit 19:1-3.**

"Ang kalikasan ay nangungusap sa [ating] mga pandama, na nagsasabing mayroong isang Diyos, ang Manlalalang, ang Pinakamataas na Pinuno ng lahat…. Ang kagandahan na bumabalot sa lupa ay palatandaan ng pag-ibig ng Diyos. Makikita natin sila sa walang hanggang mga burol, sa matatayog na mga punong-kahoy, sa namumukadkad at magagandang mga bulaklak. Lahat ay nangungusap sa atin tungkol sa Diyos."--PP, p. 48.

**b. Anong mensahe ang ibinibigay ng kalikasan sa mga tao sa buong daigdig? Roma 1:20.**

"Sinomang mayroong tunay na pagkakilala sa Diyos ay hindi mahihibang sa mga batas ng bagay o hindi papansinin ang pagkilos ng kalikasan, o tatangging kilalanin, ang patuloy na paggawa ng Diyos sa kalikasan. Ang kalikasan ay hindi Diyos, at hindi ito kailan man magiging Diyos. Ang tinig ng kalikasan ay sumasaksi sa Diyos, subalit ang kalikasan ay hindi Diyos. Bilang Kanyang nilikha, ito'y nagpapatotoo lamang sa kapangyarihan ng Diyos."--1 SM, p. 293.

## 2. MGA ARAL MULA SA MGA IBON

**a. Ano ang itinuturo ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng ugali ng agila? Isa. 40:31.**

"Ang agila sa mga kabundukan ay minsan pinababagsak ng hampas ng bagyo tungo sa makikitid na bangin ng kabundukan. Ang maitim na ulap ng bagyo ay sinasaraduhan ang malakas na ibong ito ng gubat, ang madilim na lipumpon nila ang naghihiwalay sa kanya mula sa tuktok na may sikat ng araw na kanyang tahanan. Ang kanyang pagsisikap na makatakas ay tila walang saysay. Siya'y inihahampas paroo't-parito, hinahampas ng kanyang malakas na mga pakpak ang hangin at ginigising ang kabundukan ng alingawngaw ng kanyang sigaw. Sa malayo, na may tinig ng tagumpay, kanyang tinugis paitaas, at, sumuot sa ulap, at narating na muli ang maliwanag na sikat ng araw, habang nasa ibaba ang kadiliman at bagyo. Maaari din tayong mapalibutan ng mga kahirapan, panlulupaypay, at kadiliman. Ang kasinungalingan, kalamidad, kawalan ng katarungan, ay maaaring humadlang sa atin. May ulap na hindi natin maitaboy. Nakikipagbaka tayo sa mga pangyayari ngunit walang saysay. Mayroong isa, at nag-iisa lamang, na daan upang tumakas. Ang hamog at ulap ay nananatili sa lupa; sa kabila ng ulap ang liwanag ng Diyos ay sumisikat. Tungo sa sikat ng araw ng Kanyang presensiya tayo ay maaaring umahon sa mga pakpak ng pananampalataya."--Ed. pp. 118, 119.

**b. Ano pa ang aral na ating matututunan sa pagmasid sa mga ibon? Mat. 6:25, 26.**

"Ang daigdig ng kalikasan sa kanyang sarili, ay walang kapangyarihan kundi ang tinutustos ng Diyos."--1 SM, p. 293.

"Ang mga ibon ay mga guro ng mahahalagang aral ng pagtitiwala. Ang ating makalangit na Ama ay nagtutustos sa kanila; ngunit dapat silang mag-ipon ng pagkain, dapat silang gumawa ng kanilang mga pugad at alagaan ang kanilang sisiw. Bawat sandali sila ay lantad sa mga kaaway na nagsisikap na patayin sila. Ngunit napakasaya nila patungo sa kanilang gawain! Puspos ng kagalakan ang kanilang munting mga awitin!"--Ed, pp. 117, 118.

"Huwag tayong magluksa at malungkot dahil sa buhay na ito ay hindi tayo ligtas sa mga kabiguan at kapighatian. Kung sa probidensiya ng Diyos tayo ay tinawag upang tiisin ang mga pagsubok, tanggapin natin ang krus at inumin ang mapait na saro, na inaalala na ang kamay ng Ama ang humahawak nito sa ating mga labi. Magtiwala tayo sa Kanya sa kadiliman gayon din sa araw."--5 T, p. 316.

## 3. PANANAMPALATAYANG GUMAGAWA

**a. Ano pang ibang aral ng pagtitiwala ang nais ituro sa atin ng Diyos mula sa kalikasan? Mat. 6:27-30. Dapat ba tayong magtaalaga ng higit na interes, panahon, at pagsisikap sa paglilingkod sa Diyos o sa paghanap ng ating araw-araw na temporal na pangangailangan? Talatang 30-33.**

"Siya na nagbigay sa iyo ng buhay ay nakakaalam ng iyong pangangailangan ng pagkain upang tustusan ito. Siya na lumalang ng katawan ay hindi mapagwalang-bahala sa iyong pangangailangan ng damit. Hindi ba't Siya na nagbigay ng mas dakilang kaloob ay nagbibigay din ng kinakailangan upang maging ganap ito?"--MB, p. 95.

"Ang kautusan ng Diyos ay kautusan ng pag-ibig. Pinapalibutan ka Niya ng kagandahan upang turuan ka na ikaw ay hindi inilagay sa lupang ito upang mag-imbak lamang para sa sarili, upang maghukay at magtayo, upang magpagod at mag-isip, kundi upang ang buhay ay gawing makulay at masaya at maganda sa pag-ibig ni Kristo--tulad ng mga bulaklak, upang pasayahin ang buhay ng mga iba sa pamamagitan ng paglilingkod ng pag-ibig."--Ibid., p. 97.

**b. Anong mga aral ang ating matututunan mula sa iba pang nilalang ng Diyos? Kaw. 6:6-11; 30:25-28 (ihambing ang 2 Tes. 3:10).**

"Ang mga langgam ay nagtuturo sa atin ng mga aral ng matiyagang pagsisipag, ng matiising pagsalungat sa mga hadlang, ng probidensiya para sa hinaharap."--Ed. p. 117.

"Ang tahanang itinatag ng langgam para sa kanilang sarili ay nagpapakita ng kagalingan at pagtitiyaga. Isang butil lamang sa isang pagkakataon ang kaya nilang hawakan, ngunit sa pagsisikap at pagtitiyaga sila'y nakagawa ng kahanga-hanga. Ipinakita ni Solomon sa sanlibutan ang kasipagan ng langgam bilang saway sa mga nag-aaksaya ng oras sa katamaran, sa mga gawaing nakakasira sa kaluluwa at katawan. Ang mga langgam ay naghahanda para sa mga panahon sa hinaharap. Ito ang aral na hindi pinapahalagahan ng mga pinagkalooban ng katalinuhan. Sila'y lubusang bigo na maghanda para sa hinaharap na walang hanggang buhay na sa Kanyang probidensiya ay tiniyak ng Diyos para sa nahulog na lahi."--3 SDA BC [E.G. White comments], pp. 1157, 1158.

"Hindi tayo pinalaya ng Diyos mula sa pangangailangan ng pagsisikap, ngunit tinuruan Niya tayo na gawin natin Siyang una at huli at pangunahin sa bawat bagay. Hindi tayo dapat makisangkot sa anomang gawain, o maghangad ng pangarap, maghanap ng kalayawan, na makakahadlang sa pagsasakatuparan ng Kanyang katuwiran sa ating ugali at buhay. Anoman ang ating gawin ay dapat gawin ng buong puso, dahil ito'y para sa Panginoon."--MB, p. 99.

**4. MAGING TULAD NG PUNONG-KAHOY**

**a. Bakit napakahalaga ng ating pag-aaral sa kalikasan? Ano ang ating matututunan tungkol sa Diyos? Awit 111:4, 6-8; Isa. 40:26.**

"Ilang oras ang ginugugol ng matalinong tao sa karera ng kabayo,larong kriket, at paglalaro ng bola! Ngunit ang pagpapakabuyong ito sa paglalaro ay nagbibigay ba sa mga tao ng pananabik na malaman ang katotohanan at katuwiran? Pananatilihin ba nito ang Diyos sa kanilang isipan? Magdadala ba ito sa kanila upang magtanong, Kumusta ang aking kaluluwa?...

"Ang Diyos ay nananawagan sa Kanyang mga nilikha na ibaling ang kanilang pansin mula sa kalituhan at kapighatian na nakapalibot sa kanila at humanga sa Kanyang gawa. Habang pinag-aaralan natin ang kanyang mga gawa, ang mga anghel mula sa langit ay mananatili sa ating tabi upang paliwanagin ang ating isipan at bantayan sila mula sa panlilinlang ni Satanas. Habang kayo ay nakatingin sa kahanga-hangang mga bagay na ginawa ng kamay ng Diyos, hayaang ang inyong palalo, mangmang na puso ay makadama ng pagtitiwala at kapakumbabaan."--CPTS, pp. 456, 457.

**b. Saan inihalintulad ang Kristyano? Awit 1:1-3; 92:12, 13.**

"Ang puno ng palma ay kumakatawan sa buhay ng isang Kristyano. Ito'y nakatayong matuwid sa gitna ng lumiliyab na buhangin sa disyerto, at hindi namamatay; sapagkat kumukuha ito ng panustos mula sa mga bukal ng buhay sa ilalim ng lupa."--3 SDA BC [E.G. White Comments], p. 1151.

**k. Ano pa ang ilang praktikal na mga aral na matututunan natin mula sa kalikasan?**

"Maraming mga aral ang ating matututunan [mula sa kalikasan]. Pagtitiwala sa sarili, mula sa punong-kahoy na lumalagong mag-isa sa kapatagan o sa tabi ng bundok, na sumusuot ang mga ugat sa kailaliman ng lupa, at sa kalakasan nito ay dinadaig ang bagyo. Ang kapangyarihan ng unang impluwensiya, mula sa pilipit, walang hugis na puno, na nakabaluktot tulad ng batang puno, na walang makalupang kapangyarihan ang magsasauli ng nawalang hugis. Ang sekreto ng isang banal na buhay, mula sa liryo sa tubig, na sa ibabaw ng mabahong lawa, na napapaligiran ng mga damo at basura, ay pinatatagos ang kanyang tangkay sa dalisay na mga buhangin sa ilalim, at, humuhugot ng kanyang buhay mula rito, itinataas ang kanyang mabangong bulaklak sa kagandahan at walang mantsang kadalisayan."--Ed. p. 119.

*Huwebes* *Hulyo 16*

**5. PAANO MAUUNAWAAN ANG MGA MENSAHE NG KLIKASAN**

**a. Kaninong patnubay ang kailangan upang ating maunawaan ang kalikasan? Juan 16:13; 14:26.**

"Turuan [ang mga bata] na pansinin ang mga patunay na nahahayag sa lahat ng dako sa kalikasan ng pangangalaga sa atin ng Diyos, ang kahanga-hangang pag-aangkop ng lahat ng mga bagay sa ating pangangailangan at kaligayahan.

"Siya lamang na nakakakilala sa kalikasan ng gawa ng kamay ng Ama, na sa kasaganaan at kagandahan ng lupa ay nakakabasa ng mga sulat ng Ama--siya lamang ang matututo mula sa mga bagay ng kalikasan ng kanilang malalim na mga aral at makakatanggap ng kanilang pinakamataas na paglilingkod. Siya lamang ang magpapahalaga ng lubos sa kahalagahan ng burol at kapatagan, ilog at dagat, na tumitingin sa kanila bilang pahayag ng kaisipan ng Diyos, isang pahayag ng Manlalalang."--Ed. pp. 119, 120.

**b. Anong pangyayari ang nagtuturo sa atin ng mga mensahe ng kalikasan na napakalinaw? Juan 1:4.**

"Tanging sa liwanag lamang na sumisikat mula sa Kalbaryo na ang mga itinuturo ng kalikasan ay mababasa ng tama. Sa pamamagitan ng kasaysayan sa Bethlehem at ng krus ating ipakita kung gaano kabuti na ating daigin ang kasamaan, at kung paano na ang bawat pagpapala na dumarating sa atin ay isang kaloob ng katubusan.

"Sa mga tinikan, sa mga dawagan, ay ipinakikita ang kasamaan na sumisira at nagpapapangit. Sa nagsisiawit na ibon at namumukadkad na bulaklak, sa ulan at sa sikat ng araw, sa mainit na hihip ng hangin at malamig na hamog, sa libu-libong mga bagay sa kalikasan, mula sa akasya sa gubat hanggang sa bioleta na namumulaklak mula sa ugat, ay nakikita ang pag-ibig na nagsasauli. At ang kalikasan ay nangungusap sa atin ng kabutihan ng Diyos."--Ibid., p. 101.

*Biyernes* *Hulyo 17*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

1. **Ano ang sinisikap ng Diyos na sabihin sa iyo sa pamamagitan ng kalikasan?**
2. **Paano ang mga ibon nagtuturo sa atin ng mga aral ng pagtitiwala sa Diyos?**
3. **Ano ang matututunan natin mula sa langgam, isa sa pinakamaliit na nilalang?**
4. **Ano ang ilang aral na ibinibigay sa atin ng punong-kahoy?**
5. **Paano ipinapaliwanag ng Diyos ang mensahe ng kalikasan ngayon?**

# Mga Kinatawan ng Diyos

**"Anak ko, pakinggan mo ang mga tagubilin ng iyong ama, at huwag mong itakwil ang kautusan ng iyong ina" (Kaw. 1:8).**

"Walang ibang higit na nagpapalungkot sa Diyos kundi ang kapabayaan ng magulang sa pagsasanay ng kanilang mga anak ng tama. Ibinigay sa kanila ng Diyos ang mga batang ito bilang isang banal na pagkakatiwala, upang turuan sila para sa Kanya. Sa isang kalagayang sila ay tatayong kapalit ng Diyos sa kanilang mga anak."--ST, Sety. 25, 1901.

**Mungkahing Babasahin:** *The Adventist Home*, pp. 187-194.

***Linggo*** ***Hulyo 19***

**1. MGA KINATAWAN NG DIYOS**

**a. Ano ang mensahe ng ikalimang utos? Exo. 20:12.**

"Ang mga magulang ay may karapatan hanggang sa antas ng pag-ibig at paggalang na hindi nakalaan sa kanino mang ibang tao. Ang Diyos mismo, na naglagay sa kanila ng tungkulin para sa mga kaluluwa na iniatang sa kanilang pananagutan, ay nagtakda na sa panahon ng mga unang taon ng buhay, ang mga magulang ay tatayong kahalili ng Diyos sa kanilang mga anak. At sinomang tatanggi sa karapatang ito ng kanyang mga magulang ay itinatakwil ang kapangyarihan ng Diyos."--PP, p. 308.

**b. Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga batang anak? Kaw. 22:6.**

"[Ang mga magulang] ay dapat isulong ang kaligtasan ng mga bata pa upang makaunawa ng kaibahan ng mabuti at masama. Hindi nila dapat isipin na ang kabutihan ay likas na maghahari sa mga puso ng kanilang mga anak. Dapat nilang bantayang maingat ang mga salita at kilos ng kanilang mga anak, na baka ang kaaway ay makahanap ng impluwensiya sa kanila."--ST, Set. 25, 1901.

**2. ISANG KAHANGA-HANGANG TUNGKULIN**

**a. Paano gagampanan ng mga magulang ang pinakamasilang tungkulin na ibinigay sa tao? Efe. 6:4.**

"Sa ilang dahilan maraming mga magulang ang ayaw magbigay ng pangrelihiyong mga aral sa kanilang mga anak, at hinahayaan silang mamulot sa Paaralang Pansabado ng kaalaman na pribilihiyo at tungkulin nilang ibahagi…. Inutusan ng Diyos ang Kanyang bayan na palakihin ang kanilang mga anak sa aral at mga payo ng Panginoon. Ano ang ibig sabihin nito--ang mga aral at payo ng Panginoon? Ito'y nangangahulugan na turuan sila na isaayos ang kanilang buhay sa pamamagitan ng mga tagubilin at mga aral ng salita; na tulungan sila na magtamo ng malinaw na pang-unawa ng mga kondisyon ng pagpasok sa siyudad ng Diyos. Hindi sa lahat ng nais pumasok na ang mga pintuan ng siyudad ay mabubuksan, kundi para lamang sa mga nag-aral upang malaman ang kalooban ng Diyos at isinuko ang kanilang buhay sa panghahawak Niya."--CPTS, p. 109.

"May kabaitan, masikap, maamo, na ang mga magulang ay dapat gumawa para sa kanilang mga anak, na linangin ang bawat mabuting katangian at sawayin ang bawat masamang katangian na nahuhubog sa ugali."--ST, Sety. 25, 1901.

"Hindi kayo dapat magkaroon ng mas mahalagang gawain na hahadlang sainyo sa pagbibigay sa inyong mga anak ng lahat ng panahon na kinakailangan upang ipaunawa sa kanila kung ano ang ibig sabihin ng sumunod at magtiwala ng lubos sa Panginoon."--AH, pp. 183, 184.

**b. Sino ang nagturo kay Timoteo sa kanyang tahanan, at paano ang kanilang pagtuturo nakaapekto sa kanyang buhay bilang isang bata at bilang isang kabataan? 2 Tim. 1:5; 3:15.**

"Ang ama ni Timoteo ay isang Griyego at ang kanyang ina ay Hudyo. Mula sa pagkabata alam na niya ang Kasulatan. Ang kabanalang nakita niya sa kanyang buhay-tahanan ay mabuti at makahulugan. Ang pananampalataya ng kanyang ina at ng kanyang lola sa banal na kasulatan ay isang patuloy na paalala sa kanya ng pagpapala sa pagganap ng kalooban ng Diyos. Ang salita ng Diyos ang siyang alituntunin kung saan ang dalawang makadiyos na mga babaing ito ay ginabayan si Timoteo. Ang espirituwal na kapangyarihan ng mga aral na kanyang natanggap mula sa kanila ang nagpanatili sa kanya na dalisay sa pananalita at hindi nadungisan ng impluwensiya ng kasamaan na nakapalibot sa kanya. Ganito ang mga tagapagturo niya sa tahanan nakipagtulungan sa Diyos sa paghahanda sa kanya sa pagpasan ng mga tungkulin."--AA, p. 203.

**3. ANG PAPEL NA GINAGAMPANAN NG DISIPLINA**

**a. Ano ang layunin ng disiplina? Awit 144:12; Kaw. 25:28; 16:32.**

"Ang layunin ng disiplina ay ang sanayin ang bata para sa pamamahala sa sarili. Dapat siyang turuan ng pagtitiwala sa sarili at pagpipigil sa sarili…. Tulungan siya na makita na ang lahat ng mga bagay ay nasa ilalim ng batas, at ang paglabag ay patungo sa wakas, sa kapahamakan at paghihirap….

"Ang tunay na layunin ng pagsaway ay matatamo lamang kapag ang gumagawa ng kamalian mismo ay makita ang kanyang kamalian at ang kanyang kalooban ay isuko sa pagtutuwid. Kapag ito'y nagawa, ituro siya sa pinagmumulan ng kapatawaran at kapangyarihan."—CG, p. 223.

"Ang isang bata, na maayos ang disiplina sa mga prinsipyo ng katotohanan, na may pag-ibig at takot sa Diyos na hinabi sa ugali, ay magtataglay ng kapangyarihan para sa kabutihan sa sanlibutan na hindi natataya."—Ibid., p. 163.

**b. Paano natin dapat disiplinahin ang mga bata sa ilalim ng ating pangangalaga? Kaw. 29:15; Col. 3:21.**

"Una ay kausapin ang mga bata, ipaliwanag ang kanilang kamalian, at ipaliwanag sa kanila na hindi lamang sila nagkasala laban sa inyo, kundi laban sa Diyos. Sa puso na puno ng habag at kalungkutan sa inyong nagkasalang mga anak, manalangin kayong kasama nila bago sila ituwid. At makikita nila na hindi ninyo sila pinarurusahan dahil inabala nila kayo, o dahil nais ninyong ipakita ang inyong pagkamuhi sa kanila, kundi dahil sa diwa ng tungkulin, para sa ikabubuti nila; at iibigin at igagalang nila kayo."—Ibid., pp. 252, 253.

"Ibayong pag-iingat ang dapat gawin ng mga magulang na baka ang paraan ng pakikitungo nila sa kanilang mga anak ay nakakahamon sa katigasan ng ulo, di-pagsunod, at paghihimagsik. Madalas na ginigising ng mga magulang ang mas masamang ugali ng puso ng tao dahil sa kanilang kawalan ng pagpipigil. Itinutuwid nila sila sa espiritu ng galit, at lalo silang pinatitigas sa kanilang masamang daan at mapanlaban na espiritu, kaysa sa impluwensiyahan sila sa tamang daan."--RH, Noby. 15, 1892.

"Mga magulang, huwag kayong kumilos mula sa bugso ng inyong damdamin. Huwag ninyong ituwid ang inyong mga anak kapag kayo ay galit; dahil kapag ginawa ninyo ito, hinuhubog ninyo sila ayon sa inyong larawan--pagbugso-bugso, magagalitin, at di-makatuwiran. Maaari kayong maging matatag na walang malupit na pagbabanta o pamamalo."--AUC, Sety. 6, 1909.

**4. PAGSUPIL SA MGA KAMALIAN NG MAGULANG**

**a. Anong utos ang ibinigay sa lahat ng mga anak ni Israel tungkol sa pagsunod sa kanilang mga magulang? Efe. 6:1. Ano ang matututunan ng mga magulang mula sa payong ibinigay sa mga guro?**

"Ang mga magulang ay, kapag nakaayon sa kalooban ng Diyos, siyang magiging batas."--RH, Disy. 18, 1900.

"Ang mga makalangit na mensahero ay sinugo upang maglingkod sa mga magiging tagapagmana ng kaligtasan; at ang mga ito ay makikipag-usap sa mga guro kung sila ay hindi nasisiyahan sa nilalakarang daan ng tradisyon, kung sila ay hindi gaanong natatakot sa paghiwalay mula sa anino ng sanlibutan. Dapat mag-ingat ang mga guro na baka saraduhan nila ang pintuan upang ang Panginoon ay hindi na makapasok sa puso ng mga kabataan."--6 T, p. 161.

**b. Ano ang magagawa natin habang ating binabalik-aralan ang mga bagay na ating natutunan sa ating pagkabata? 1 Tes. 5:21.**

"Sa lahat ng pinili upang isakatuparan ang isang gawain para sa Diyos ang makataong sangkap ay nakikita. Subalit hindi sila mga taong magkakatulad ang kasanayan at ugali, na nasisiyahan na sa gayong kondisyon. Matindi ang kanilang mithiing matamo ang karunungan mula sa Diyos at matutong gumawa para sa Kanya…. [Sant. 1:5 sinipi.] Ngunit ang Diyos ay hindi magbibigay sa tao ng banal na liwanag habang sila ay nasisiyahang manatili sa kadiliman. Upang matanggap ang tulong ng Diyos, dapat maunawaan ng tao ang kanyang kahinaan at kakulangan; dapat niyang gamitin ang kanyang sariling isipan sa malaking pagbabago na gagawin sa kanyang sarili; dapat siyang bumangon para sa masikap at matiyagang panalangin at pagsisikap. Ang maling mga kasanayan at gawain ay dapat itakwil; at sa pamamagitan lamang ng taimtim na pagsisikap upang ituwid ang mga kamaliang ito at makiayon sa tamang mga prinsipyo na matatamo ang tagumpay. Marami ang hindi nakakarating sa posisyon na dapat nilang tayuan, sapagkat hinihintay nila ang Diyos na gawin sa kanila ang gawain kung saan binigyan sila Niya ng kapangyarihan upang gawin nila sa kanilang sarili. Ang lahat na angkop sa kapakinabangan ay dapat sanayin sa pinakamahigpit na disiplina ng isipan at moral, at sila'y tutulungan ng Diyos sa pamamagitan ng pagsasanib ng banal na kapangyarihan sa makataong pagsisikap."--PP, p. 248.

**k. Ilang henerasyon sa ating mga ninuno ang magkakaroon ng impluwensiya sa ating mga kasanayan? Exo. 20:5.**

**5. POSIBLE ANG TAGUMPAY**

**a. Nang si Moises ay isang kabataan, ano ang kanyang pinili? Paano niya napanagumpayan ang mga epekto ng kanyang buhay sa Egipto? Heb. 11:24-27.**

"Si Moises ay maraming natutunan na dapat niyang kalimutan. Ang mga impluwensiya na nakapalibot sa kanya sa Egipto--ang pagmamahal ng kanyang ina-inahan, ang kanyang sariling mataas na posisyon bilang apo ng hari, ang mga pagwawaldas sa bawat dako, ang maganda, ang mapandaya, at ang kalaliman ng isang huwad na relihiyon, ang karangyaan ng pagsamba sa diyusdiyusan, ang kataimtiman ng mga lilok ng eskultura--lahat ay nag-iwan ng malalim na tatak sa kanyang lumalagong isipan at humubog, sa ilang antas, sa kanyang kasanayan at ugali. Ang panahon, pagbabago ng kapaligiran, at pakikipag-usap sa Diyos ang makakapawi ng tatak na ito. Ito'y nangangailangan ng pakikipagpunyagi sa bahagi ni Moises upang itakwil ang kamalian at tanggapin ang katotohanan, subalit ang Diyos ang kanyang saklolo kapag ang pakikibaka ay napakatindi para sa kalakasan ng tao."--PP, p. 248.

**b. Paano natin palalakasin ang ating mga anak upang lupigin ang kasalanan? 2 Ped. 1:4; 1 Cor. 15:57, 58; Kaw. 24:16 (huling bahagi).**

"Turuan ang mga bata at mga kabataan na ang bawat kamalian, bawat kasalanan, bawat kahirapan, na nadaig, ay nagiging batong tuntungan tungo sa mas mainam at mas mataas na mga bagay. Sa pamamagitan ng gayong mga karanasan na ang lahat ng nagpapahalaga sa buhay ay nagtamo ng tagumpay."--CG, p. 255.

*Biyernes* *Hulyo 24*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

1. **Kailan ang salita ng mga magulang sa kanilang mga anak nagiging tulad sa tinig ng Diyos?**
2. **Paano natin palalakihin ang mga bata sa aral at payo ng Panginoon?**
3. **Ano ang dapat na matamo upang maging matagumpay ang disiplina at saway?**
4. **Anong malaking pagbabago ang dapat nating daanan upang magamit ng Diyos?**
5. **Paano natin mapananagumpayan ang masasamang kasanayan na nahubog sa ating pagkabata?**

## *FIRST SABBATH OFFERING FOR MISSIONARY SCHOOLS*

# Ang Tinig ng Diyos sa Iglesia

**"Ano ang kahigitan ng Hudyo? O ano ang mapapakinabang ng pagtutuli? Napakadami: lalo't higit dahil sa kanila ay ipinagkatiwala ang kasulatan ng Diyos" (Roma 3:1, 2).**

"Pinili ng Diyos ang Israel… upang panatilihin sa mga tao ang kaalaman sa Kanyang kautusan, at ang mga sagisag at mga hula na tumutukoy sa Tagapagligtas…. Dapat nilang ipahayag ang Diyos sa mga tao."--DA, p. 27.

**Mungkahing Babasahin:** *The Acts of the Apostles*, pp. 188-200.

***Linggo*** ***Hulyo 26***

**1. ANG DIYOS AY NAGSASALITA SA PAMAMAGITAN NG KANYANG IGLESIA**

**a. Ano ang unang tagubilin na ibinigay ni Jesus kay Saul na taga Tarsus matapos siyang mahikayat? Gawa 9:6.**

"Marami ang may kaisipan na sila ay may pananagutan kay Kristo lamang dahil sa kanilang liwanag at karanasan, na walang pakialam sa Kanyang organisadong tagasunod sa lupa. Si Jesus… ay kinikilala ang mga paraan na Kanyang itinakda para sa kaliwanagan at kaligtasan ng mga tao; Itinuturo Niya ang mga makasalanan sa iglesia."--AA, p. 122.

**b. Gaano kahalaga ang pakikinig sa tinig ng Diyos na nagsasalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang iglesia at makipagtulungan sa Kanyang bayan? Mat. 18:18-20.**

"Ang Panginoon ay may isang organisadong katawan kung saan Siya ay gagawa."--3 SM, p. 17.

"Ang Manunubos ng sanlibutan ay hindi pinapanigan ang karanasan at pamumuhay tungkol sa pangrelihiyong usapin na hiwalay sa Kanyang organisado at kinikilalang iglesia…. Inilagay ng Tagapagligtas [si Saul] sa pakikiugnay sa Kanyang iglesia, at hinayaan Niya sila na ituro sa kanya ang dapat niyang gawin….

"Lahat ay ginawa sa pangalan at karapatan ni Kristo; subalit ang iglesia ang daluyan ng kumunikasyon."--SFLP, pp. 31, 32.

**2. PAKIKINIG SA DIYOS NA NAGSASALITA SA PAMAMAGITAN NG IGLESIA**

**a. Paglipas ng tatlong taon, matapos na si Jesus ay nagturo sa kanya ng personal, saan si Saul (ngayon ay Pablo) humayo? Gal. 1:1, 15-19.**

"Sa kabila ng katotohanan na si Pablo ay personal na tinuruan ng Diyos, wala siyang malinaw na kaalaman sa indibidwal na tungkulin. Habang naghihintay sa Diyos para sa tuwirang gabay, siya ay palaging handa na kilalanin ang kapangyarihang ibinigay sa katawan ng mga mananampalataya na nagkakaisa sa samahan ng iglesia."--AA, p. 200.

"Ang Diyos ay hindi kailan man nagplano na ang isipan at pagpapasiya ng isang tao ang manguna at magplano at magpanukala na wala ang maingat at mapanalangining pagsasaalang-alang ng buong katawan."--3 SM, pp. 16, 17.

"Maging ang pinakamagaling na mga tao, kung ipapaubaya sa kanilang sarili, ay magkakamali sa pagpapasiya….

"Habang lalong mas malaki ang tungkulin na iniaatang sa tao, at habang mas malaki ang kanyang pagkakataon na magdikta at manguna, lalong higit ang pinsala na kanyang magagawa kung hindi niya maingat na susundin ang daan ng Panginoon at gumawang kaayon sa mga pagpapasiya ng pangkalahatang katawan ng mga mananampalataya sa nagkakaisang pagpupulong."--AA, pp. 198, 199.

**b. Ano ang nangyari sa panahon ng Lumang Tipan nang ang piniling mangunguna ng Panginoon ay tinuligsa dahil sa paninibugho? Bil. 12:1, 2, 9, 10. Ano ang matututunan natin mula dito?**

"Yaong mga nakahilig sa pagkilala sa kanilang indibidwal na pagpapasiya bilang pinakamataas ay nasa panganib. Ito'y paraang pinag-aralan ni Satanas na ihiwalay ang gayong tao mula sa mga daluyan ng liwanag, kung saan ang Diyos ay gumagawa upang itatag at palawakin ang Kanyang gawain sa lupa. Ang pabayaan o hamakin ang hinirang ng Diyos upang magpasan ng mga tungkulin ng pangunguna kaugnay ng pagsulong ng katotohanan ay itinatakwil din ang mga paraan na Kanyang itinakda sa pagtulong, pagpapasigla, at pagpapalakas sa Kanyang bayan. Sa sinomang manggagawa sa gawain ng Panginoon na lalampasan ito, at isipin na ang kanyang liwanag ay tuwirang magmumula lamang sa Diyos na walang ibang daluyan, ay inilalagay ang kanyang sarili sa posisyong siya ay madadaya ng kaaway at pababagsakin…. Bawat ahensiya ay mapapasailalim sa Banal na Espiritu, at lahat ng mga mananampalataya ay magkakaisa."--Ibid., p. 164.

## 3. PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA PAGPAPASIYA NG IGLESIA

**a. Anong pagkilala ang dapat ibigay sa sunod sa batas na mga pagpapasiya ng iglesia? 1 Ped. 5:5; Heb. 13:17; Kaw. 11:14.**

"Madalas na ako ay tinatagubilinan ng Panginoon na walang pagpapasiya ng tao ang dapat isuko sa pagpapasiya ng sinomang ibang tao. Hindi kailan man dapat kilalanin ang isipan ng isang tao o ang isipan ng iilang mga tao bilang sapat na karunungan at kapangyarihan upang panghawakan ang gawain at magsabi kung ano ang plano na dapat sundin. Subalit kapag, sa Komperensiya Heneral, ang pagpapasiya ng mga kapatirang nagkakatipon mula sa lahat ng bahagi ng bukirin ay ginagamit, ang pansariling pagpapasiya ay hindi dapat papagmatigasin, kundi isuko. Hindi dapat ipagpalagay ng isang manggagawa na isang kagalingan ang pagpapanatili sa posisyon ng pagsasarili, salungat sa pagpapasiya ng pangkalahatan.

"May panahon, na kapag ang maliit na grupo ng mga tao ang pinagkakatiwalaan ng pangunguna sa gawain ay, sa ngalan ng Komperensiya Heneral, nagsisikap na ipatupad ang hindi tamang mga plano at hinahadlangan ang gawain ng Diyos, aking sinasabi na hindi ko na maibibilang ang tinig ng Komperensiya Heneral, na kinakatawanan ng iilang mga tao, bilang tinig ng Diyos. Subalit hindi ibig sabihin na ang mga pagpapasiya ng Komperensiya Heneral na binubuo ng nagkakatipong mga hinirang, kinatawang mga tao mula sa lahat ng bahagi ng bukirin ay hindi na igagalang. Itinakda ng Diyos na ang mga kinatawan ng Kanyang iglesia mula sa lahat ng bahagi ng lupa, kapag nagkakatipon sa Komperensiya Heneral, ay magkaroon ng kapangyarihan. Ang kamalian na ang ilan ay nanganganib na magawa ay ang paglalagay sa isipan at pagpapasiya ng isang tao, o ng isang maliit na grupo ng mga tao, ang buong sukat ng kapangyarihan at impluwensiya na ibinigay ng Diyos sa Kanyang iglesia sa pagpapasiya at tinig ng Komperensiya Heneral na nagkakatipon upang magplano para sa pag-unlad at pagsulong ng Kanyang gawain….

"Ating ibigay sa pinakamataas na organisadong kapangyarihan sa iglesia ang mga bagay na nakahiligan nating ibigay sa isang tao o sa maliit na grupo ng mga tao."--9 T, pp. 260, 261.

"Ibinigay ng Diyos ang pinakamataas na kapangyarihan sa ilalim ng langit sa Kanyang iglesia. Ito ang tinig ng Diyos sa Kanyang nagkakaisang bayan sa kapangyarihan ng iglesia na dapat igalang."--3 T, p. 451.

**b. Anong uri ng pakikitungo ang nais ng Panginoon na taglayin ng mga nangunguna sa iglesia sa kanilang kapuwa mananampalataya? Fil. 2:3-8.**

**4. ANG IGLESIA KAILAN MAN AY HINDI NAGING KAHALILI NG DIYOS**

**a. Maaari bang itakda o edikta ng miyembro o opisyal ng iglesia ang indibidwal na tungkulin ng ibang miyembro? Mat. 20:25-28.**

"Lahat ng tumanggap ng makataong kapangyarihan, ng kasanayan ng iglesia, o ng tradisyon ng mga magulang, ay makinig sa babala ng salita ni Kristo, 'Ako'y sinasamba nila sa walang kabuluhan, na itinuturo bilang doktrina ang mga kautusan ng tao' (Mat. 15:9)."--DA, p. 398.

"Ilagay ang inyong tiwala at pananampalataya sa Diyos. Huwag umasa sa sinomang nagkakamaling tao upang itakda ang iyong tungkulin….

"Bawat miyembro ng iglesia ay dapat makaunawa na ang Diyos ang nag-iisang dapat hingian ng pagkaunawa ng indibidwal na tungkulin. Tama naman na ang magkakapatid ay magpulong; subalit kung ang mga tao ang nagsasaayos kung ano lamang ang dapat gawin ng kanilang mga kapatid, dapat silang tanungin kung pinili ba nila ang Panginoon bilang tagapayo. Subalit kung pahihintulutan ng isang tao ang iba na manghimasok sa pagitan niya at sa tungkuling itinakda sa kanya ng Diyos, na nagtiwala sa taong ito at tinanggap siya bilang gabay, siya ay humahakbang mula sa tamang panukala tungo sa mali at mapanganib na daan. Ang gayong tao, sa halip na lumago at umunlad, ay mawawala ang kanyang espirituwalidad."--9 T, pp. 279, 280.

**b. Anong payo ang ibinigay sa mga namumuno sa iglesia na maaari ding maging gabay ng sinomang miyembro na natutuksong panghawakan ang kaugalian ng ibang tao? Mat. 23:8, 10-12.**

"Sa halip na ibilang na tungkulin nila ang mag-utos at magdikta, [lahat ng may tungkulin] ay dapat makaunawa na sila mismo ay dapat na matuto. Kapag ang may tungkuling manggagawa ay nabigong matuto sa aral na ito, mas makakabuti sa kanya at sa gawain ng Diyos kung agad siyang aalisin sa kanyang mga tungkulin. Ang posisyon ay hindi kailan man magbibigay ng kabanalan at kagalingan ng ugali. Siya na nagpaparangal sa Diyos at tumutupad ng Kanyang kautusan ay pararangalan din."--Ibid., pp. 282, 283.

"Ang mga taong tinawag ng Panginoon sa mahalagang posisyon sa Kanyang gawain ay dapat linangin ang mapagpakumbabang pagtitiwala sa Kanya. Hindi sila dapat magsikap na yakapin ang labis na kapangyarihan; sapagkat hindi sila tinawag ng Diyos sa gawain ng pag-uutos, kundi sa pagplano at pakikipagpulong sa kanilang mga kamanggagawa."--Ibid., p. 270.

*Huwebes* *Hulyo 30*

**5. PAGLUTAS SA MGA SALUNGATAN**

**a. Anong paraan ang ginamit sa paglutas sa salungatan sa unang iglesia? Gawa 15:1-4. Ano ang matututunan natin mula dito?**

"Iginiit ng [ilang mga Hudyo] na may malaking katiyakan, na walang maliligtas na hindi nagpatuli at sumunod sa buong kautusang seremonyal.

"Ito ay mahalagang usapin, at lubhang nakaapekto sa iglesia…. Ang usapin ay humantong sa malaking pagtatalo at kawalan ng pagkakasundo sa iglesia, hangga't ang iglesia sa Antioch, na nakakaunawa na magkakaroon ng pagkakabahagi sa gitna nila kung magpapatuloy ang higit pang pagtatalo, nagpasiya na ipadala si Pablo at si Barnabas, kasama ng ilang may tungkuling mga tao sa Antioch, tungo sa Jerusalem, upang ilatag ang usapin sa harapan ng mga apostol at matatanda. Doon ay makakaharap nila ang mga delegado mula sa iba't-ibang mga iglesia, at yaong mga dumalo sa nalalapit na taonang piyesta. Samantala lahat ng mga pagtatalo ay tumigil hangga't ang huling pagpapasiya ay magawa ng mga may tungkuling mga tao sa iglesia. Ang pagpapasiyang ito ay dapat matanggap sa pangkalahatan ng iba't--ibang mga iglesia sa buong bansa."--SFLP, p. 63.

**b. Buodin ang tala ni Pedro sa puntong pinag-uusapan. Gawa 11:2-17. Saan ibinatay ni apostol Santiago ang kanyang argumento? Gawa 15:13-17. Sino ang nag-ayos ng salungatang ito? Talatang 28.**

*Biyernes* *Hulyo 31*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

**1. Paano natin malalaman na ang Diyos ay gumagawa at nagsasalita sa pamamagitan ng organisadong katawan?**
**2. Bakit ang iisang tao ay hindi pinagkatiwalaan ng tungkulin ng pangunguna at pagpaplano para sa iglesia ng Diyos?**
**3. Paano tayo makakaugnay sa ginawang pagpapasiya ng mga kinatawan ng iglesia sa pagpupulong?**
**4. Ano ang nais ng Diyos na ating gawin tungkol sa ating personal na tungkulin sa halip na pumaroon sa ibang tao sa iglesia upang humingi ng payo? Bakit?**
**5. Paano natin dapat lutasin ang pagsasalungatan sa iglesia?**

# Pakikinig sa Tinig ng Diyos

**"Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, at pakikinig ng salita ng Diyos" (Roma 10:17).**

"Ang Diyos ay nangungusap sa atin sa Kanyang salita."--SC, p. 87.

**Mungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 197-210.

***Linggo*** ***Agosto 2***

**1. ANG SUKDULANG KAPANGYARIHAN**

**a. Gaano kalakas ang kapangyarihang taglay ng Salita ng Diyos sa makataong pagtuturo? Awit 119:105; Isa. 8:20.**

"Ang Banal na Kasulatan ang siyang sakdal na pamantayan ng katotohanan."--Ed, p. 17.

" 'Lahat ng pagtuturo ng tao ay dapat ipasailalim sa kasulatan ng Diyos.' "--GC, p. 204.

"Ang Panginoon ay may isang ligtas na daan para sa Kanyang bayan, at ito ay ang daan ng pagsunod sa Kanyang salita. Ang salitang iyon ay ibinigay sa atin bilang ating gabay."--TBE, Agos. 19, 1895.

**b. Paano natin magagamit ng tama ang kapangyarihan ng ating isipan sa pag-unawa ng Salita ng Diyos? Isa. 1:16-18; 1 Cor. 1:18, 25; 2:14-16.**

"Kapag tayo ay lumapit sa Biblia, ang isipan ay dapat kilalanin ang kapangyarihang mas mataas kaysa sa kanyang sarili, at ang puso at isipan ay dapat isuko sa dakilang AKO NGA."--SC, p. 110.

"Dapat tayong mag-ingat sa pagsamba sa isipan, na nakapailalim sa kahinaan at kasiraan ng tao."--5 T, p. 703.

"Nakabukas ang Biblia sa harapan ninyo, sumangguni na may banal na kaisipan at mabuting konsiyensiya. Ang inyong puso ay dapat makilos, ang inyong kaluluwa ay dapat mahipo, ang inyong kaisipan at karunungan ay dapat gisingin ng Espiritu ng Diyos; at ang banal na mga prinsipyo na nahayag sa salita ng Diyos ay magbibigay ng liwanag sa kaluluwa."--RH, Peb. 7, 1893.

## 2. PAKIKINIG SA DIYOS SA PAMAMAGITAN NG KANYANG SALITA

**a. Ano ang magiging bunga kung tayo ay personal na makikinig sa Diyos sa pamamagitran ng Kanyang salita? Deut. 4:6; Awit 119:94, 97-100.**

"Ang mahalagang aklat ng Diyos ay naglalaman ng mga alituntunin ng buhay para sa mga tao sa bawat uri at bawat tungkulin."--4 T, p. 416.

"Tayo ay lalago sa tunay na espirituwal na kaalaman kung mauunawaan lamang natin ang ating sariling kababaan at ang ating buong pagtitiwala sa Diyos; ngunit lahat ng lumalapit sa Biblia na may natuturuan at mapanalangining espiritu, upang pag-aralan ang mga sinasabi nito bilang salita ng Diyos, ay tatanggap ng banal na liwanag."-- 5 T, p. 704.

"Sa pagsasaliksik sa Kasulatan para sa iyong sarili, kayo ay mapapatibay sa pananampalataya. Napakahalaga na kayo ay magpatuloy sa pagsasaliksik ng Kasulatan, na mag-imbak sa isipan ng mga katotohanan ng Diyos."--TBE, Okt. 15, 1892.

"Ang makalumang mga tradisyon na natanggap mula sa may pinag-aralang mga tao, at mula sa mga sinulat ng dakilang mga tao noong nakalipas, ay hindi ligtas na gabay para sa atin sa huling mga araw na ito…. Araw-araw, oras-oras, dapat na nagaganyakan tayo ng mga prinsipyo ng katotohanan sa Biblia--katuwiran, habag, at ang pag-ibig ng Diyos. Siya na nais magkaroon ng kapangyarihang moral at pangkaisipan ay kailangang sumalok mula sa banal na bukal. Sa bawat punto ng pagpapasiya ay magtanong, 'Ito ba ang daan ng Panginoon?'"--RH, Peb. 7, 1893.

**b. Anong katiyakan mayroon tayo na ang Diyos ay makikipag-usap sa atin, ng indibidwal, sa pamamagitan ng Biblia? Juan 6:63; Jer. 15:16; Awit 34:8.**

"Ang salita ng buhay na Diyos ay hindi lamang isinulat kundi binigkas. Ang Biblia ay tinig ng Diyos na nangungusap sa atin, na tiyak tulad ng naririnig natin sa ating mga tainga. Kung nauunawaan natin ito, sa anong pagkamangha ating bubuksan ang salita ng Diyos, at sa anong pagsisikap na ating sasaliksikin ang mga alituntunin nito! Ang pagbabasa at ang pagbubulaybulay ng Kasulatan ay dapat ibilang na isang pakikinig sa Diyos."--6 T, p. 393.

"Kapag idinidiin ni Satanas ang kanyang mungkahi sa ating mga isipan, maaari tayong sumalok ng 'Sinasabi ng Panginoon' sa lihim na muog ng Kataastaasan kung nanaisin natin."--Ibid.

"Napakarami ang puno ng abalang plano, palaging abala; at walang panahon kay Jesus upang maging isang malapit at mahal na kasama. Hindi nila isinasangguni ang bawat isipan at kilos sa Kanya, na itinatanong: 'Ito ba ang daan ng Panginoon?' Kung gagawin nila ito sila'y lalakad kasama ng Diyos, tulad ni Enoc."--Ibid.

**3. MAHALAGANG PAKIKIPAG-UGNAYAN**

**a. Bakit sinulat ang kasulatan? Juan 20:31.**

**b. Kung itatakwil natin ang tinig ng Diyos sa Kanyang nasusulat na Salita, maaasahan ba natin Siya na sabihin sa atin ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng ibang paraan? Luc. 16:31; Kaw. 28:9. Bakit?**

"Ang kautusan at ang mga propeta ay mga itinakdang ahensiya ng Diyos para sa kaligtasan ng tao…. Kung hindi sila makikinig sa tinig ng Diyos sa Kanyang salita, ang patotoo ng isang saksi na nabuhay mula sa mga patay ay hindi pakikinggan.

"Sinomang nakinig kay Moises at sa mga propeta ay hindi na hihingi pa ng mas malaking liwanag kaysa sa ibinigay ng Diyos; ngunit kung itakwil ng tao ang liwanag, at mabigong pahalagahan ang mga pagkakataon na ibinigay sa kanila, hindi sila makikinig kung mayroong isang dumating sa kanila na nagmula sa mga patay na may dalang mensahe. Hindi sila mahihikayat maging sa katibayang ito; sapagkat ang sinomang nagtakwil ng kautusan at ng mga propeta ay patitigasin ang kanilang puso na itatakwil nila ang lahat ng liwanag."--COL, p. 265.

**k. Bakit hindi tayo dapat umasa sa sinoman na makinig sa tinig ng Diyos para sa atin? Eze. 14:12-14; 33:14-16.**

"Dapat nating pag-aralan ang katotohanan para sa ating sarili; walang sinoman ang dapat asahan upang mag-isip para sa atin, maging sinoman siya o anoman ang kanyang posisyon. Hindi tayo dapat tumingin sa sinoman bilang sakdal na gabay para sa atin. Dapat tayong magpulong at magpahinuhod sa bawat-isa; ngunit dapat din nating gamitin ang kakayahang ibinigay sa atin ng Diyos upang matutunan ang katotohanan. Bawat isa sa atin ay dapat tumingin sa Diyos para sa banal na liwanag, upang bawat isa sa atin ay makahubog ng ugali na makakatayo sa pagsubok sa dakilang araw….

"Marami ang natatangay tungo sa kadiliman at kawalan ng Diyos, na namumulot ng mga kasiraan sa Biblia, at nagpapalabas ng mga kathang paniniwala, mga teoryang wala sa kasulatan, at mga haka-haka ng walang kabuluhang pilosopiya; ngunit tungkulin ng bawat isa na hanapin ang lubusang karunungan sa Kasulatan. Ang kahalagahan at kapakinabangan ng pag-aaral sa Biblia ay hindi mahihigitan ang pagtaya. Sa pagsasaliksik ng Kasulatan ang ating isipan ay dinadala sa pananahan sa di-masukat na sakripisyo ni Kristo, sa Kanyang pamamagitan para sa atin. Habang nakikita natin ang Kanyang pag-ibig, habang binubulay natin ang Kanyang pagpapakumbaba at paghihirap, katulad ding espiritu ng pagtanggi sa sarili at sakripisyo para sa ikabubuti ng iba ang liliwanag sa ating puso."--TBE, Okt. 15, 1892.

**4. KARANASANG KASAMA MISMO ANG DIYOS**

**a. Bakit pinuri ang mga tao sa Berea? Gawa 17:10-12.**

"Hindi maipagkakatiwala ng ligtas ng sinoman ang kanyang kaluluwa sa ministro, o sa mga taong may pinag-aralan at may talento. Pinaratangan ni Jesus ang mga saserdote at mga namumuno, na kinikilalang mga may kaalaman sa Kasulatan, bilang walang alam sa Kasulatan at sa kapangyarihan ng Diyos. Ang mga pinagkatiwalaan ng Diyos ng talento ay may pananagutan sa paggamit ng kanilang mga kaloob, at dapat pag-aralan ang Biblia bilang aklat na mauunawaan. Ang isang talata na napatunayan noong nakaraan, ay mapapatunayan sa hinaharap, na isang samyo ng buhay para sa ikabubuhay sa maraming kaluluwa. Habang masikap na nagsasaliksik ang mga tao, ang Biblia ay magbubukas ng bagong mga kayamanan ng katotohanan na magiging makinang na hiyas sa isipan."--ST, Agos. 20, 1894.

"Malibang gamitin ang isipan, ito'y titigil sa paglawak; malibang linangin ang panlasa sa pag-ibig sa Biblia, ito'y hihinto sa pagkakagusto sa mga katotohanan ng salita ng Diyos. Makikita lamang ng mga mag-aaral sa lalim ng kanilang hinukay, at hindi niya mapapahalagahan ang nakalatag lamang sa likod ng kompas ng kanyang makipot na hangganan. Ngunit ang kanyang kawalan ng kaalaman ay magpapaging mayabang, madaldal, at mapagmataas sa kanya. Ano ba ang masasabi ko sainyo, mga kabataang lalaki at babae, upang gisingin kayo upang palakasin ang inyong pagsisikap na mapanagumpayan ang mga hadlang? Ang pangkaisipang pagsisikap ay magiging madali at lalong kasiya-siya habang inyong inilalagak ang inyong sarili sa gawain ng pag-unawa sa lalim ng mga bagay-bagay ng Diyos. Bawat isa ay dapat magpasiya na hindi kayo magiging isang mababang uri na mga mag-aaral, na hindi ninyo pahihintulutan na ang iba ang mag-isip para sa inyo."--RH, Mayo 20, 1890.

**b. Anong sinabi kay Timoteo na gawin niya habang naghihintay sa pagbalik ni Pablo? 1 Tim. 4:13, 15, 16.**

**k. Ano ang sinabi ni Jesus sa mga nakarinig ng Kanyang mga salita at tinupad ang mga ito? Mat. 7:24, 25.**

"Yaong mga nakinig at tinupad ang mga salita ni Kristo ay nagtatatag sa ibabaw ng bato, at kapag dumating ang bagyo, ang kanilang tahanan ay hindi magigiba. Sila ay magtatamo ng walang hanggang buhay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesukristo."--TDWG, p. 215.

*Huwebes* *Agosto 6*

**5. PAGSASALIKSIK NG MAS MALALIM**

**a. Gaano kalalim dapat ang ating pag-aaral ng Biblia? Col. 3:23; 1 Tes. 5:21.**

"Kakaunti ang pakinabang mula sa nagmamadaling pagbabasa ng Kasulatan. Maaaring basahin ng isang tao ang buong Biblia ngunit bigong makita ang kagandahan o maunawaan ang malalim at nakatagong kahulugan nito. Ang isang sipi na pinag-aralan hangga't maging malinaw ang kahulugan nito sa isipan at ang kaugnayan nito sa plano ng kaligtasan ay mapatunayan, ay mahalaga kaysa sa pagbabasa ng maraming mga kabanata na walang tiyak na layuning maunawaan at walang positibong aral na matatamo. Panatilihin ang Biblia sa inyo. Kapag may pagkakataon kayo, basahin ito; sauluhin ninyo ang mga talata. Kahit na sa inyong paglalakad sa daan maari kayong magbasa ng isang sipi at bulaybulayin ito, at ito'y mailalagay ninyo sa isipan."--SC, p. 90.

"Wala kayong dapat ihandog sa Diyos kundi ang sukdulan ng inyong kakayanan. Dapat ninyong palaguin ng palaguin ang inyong gawain habang inyong isinasakabuhayan ang inyong natututunan. Dapat ninyong pagsikapang maunawaan ang bawat paksa na nangangailangan ng inyong pagsasaliksik, na inihahambing hindi lamang ang mga kaisipan at opinyon ng mga tao tungkol sa mga usapin, kundi pinaghahambing ang kasulatan sa iba pang kasulatan, upang inyong malaman na alam ninyo ang bawat punto ng pananampalataya. Ang kapaguran ng inyong isip ay magpapalakas lamang ng kapangyarihan ng inyong isipan para sa mas malaking gawain."--RH, Mayo 20, 1890.

"Ang pagkaunawa sa katotohanan sa Biblia ay hindi gaanong nakabatay sa kapangyarihan ng isipan na ginamit sa pagsasaliksik tulad ng iisang layunin, ang matinding pananabik sa katuwiran."--GC, p. 599.

*Biyernes* *Agosto 7*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

1. **Ano ang mga kondisyon sa pagtanggap ng kaliwanagan mula sa Diyos habang tayo ay nag-aaral ng Biblia?**
2. **Anong katanungan ang dapat nating itanong kapag gumagawa ng pagpapasiya?**
3. **Anong epekto mayroon ang pagsasaliksik ng Kasulatan sa atin?**
4. **Magiging ano tayo kapag tayo ay walang alam sa Biblia?**
5. **Sa halip na magbasa ng madaming mga kabanata sa Biblia na walang anomang natutunan, paano natin tutuklasin ang malalim, nakatagong mga katotohanan sa Biblia?**

# Paano Dapat Pag-aralan ang Biblia

**"Ang karunungan ang siyang pangunahing bagay; kung kaya hanapin ninyo ang karunungan: at sa buong paghahanap inyong hanapin ang pagkaunawa" (Kaw. 4:7).**

" 'Sinomang ayaw magtrabaho, hindi rin siya dapat kumain' (2 Tes. 3:10). Gayon ding alituntunin ang ginagamit sa ating pang-espirituwal na paglago; ang sinomang nais magkaroon ng tinapay ng buhay, magsikap siya na matamo ito."--FW, p. 49.

**Mungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 593-602.

***Linggo*** ***Agosto 9***

**1. ANG KINAKAILANGANG PAGSISIKAP**

**a. Ano ang kinakailangan kapag nag-aaral ng Biblia? Kaw. 2:1-5.**

"Hindi natin matatamo ang karunungan kung walang masikap na pagpansin at mapanalangining pag-aaral. Ang ilang bahagi ng Kasulatan ay tunay na napakalinaw upang di-maunawaan, ngunit mayroong iba na ang kahulugan ay hindi nakalatag sa ibabaw na makikita ng isang sulyap. Ang kasulatan ay dapat ihambing sa kasulatan. Dapat na may maingat na pagsasaliksik at mapanalangining pagbubulaybulay. At ang gayong pag-aaral ay susuklian ng masagana. Kung paanong ang mga minero ay nakakatuklas ng daluyan ng mahahalagang metal na nakatago sa ilalim ng balat ng lupa, gayon din siya na matiyagang nagsasaliksik ng salita ng Diyos na tulad ng nakatagong kayamanan makakasumpong ng mga katotohanan na may dakilang kahalagahan, na naitago mula sa pananaw ng di-maingat na mananaliksik."--SC, pp. 90, 91.

**b. Masisiyahan na ba tayo sa natuklasan natin o ng iba sa Kasulatan? Mat. 13:52; Kaw. 4:18.**

"Dapat tayong tumuklas ng bagong mga aspeto ng katotohanan kapuwa sa Luma at sa Bagong tipan, upang makita ang napakalawak at saklaw ng katotohanan na naiisip nating nauunawaan, ngunit mababaw lamang ang ating kaalaman. Siya na masikap na nagsasaliksik ng Kasulatan ay makikita na ang pagkakatugma ay nananatili sa pagitan ng ibat-ibang bahagi sa Biblia."--TBE, Okt. 15, 1892.

## 2. TAPAT NA MGA MANANALIKSIK GAGANTIMPALAAN

**a. Ano ang higit na mahalaga kaysa sa katalinuhan upang maunawaan ng tama ang Biblia? Mat. 11:25; Awit 25:9.**

"Minsan ang mga matatalinong tao, na lumago sa pamamagitan ng edukasyon at kultura, ay nabibigong unawain ang ilang mga sipi sa Kasulatan, habang ang ibang walang pinag-aralan, na ang pang-unawa ay tila mahina at ang isipan ay hindi nasanay, ay makakaunawa ng kahulugan, na nakakasumpong ng lakas at aliw sa mga bagay na kung saan ang nauna ay nagsabing iyon ay mahiwaga o nilampasan dahil hindi mahalaga. Bakit ganito? Ipinaliwanag sa akin na ang huling uri ay hindi umasa sa kanilang sariling pang-unawa. Sila ay lumapit sa Bukal ng liwanag, ang Isang nag-udyok ng Kasulatan, at sa kapakumbabaan ng puso humingi sa Diyos ng karunungan, at natanggap nila ito. May mga mina ng katotohanan na dapat pang tuklasin ng masikap na mananaliksik. Ginamit ni Kristo ang kayamanang nakatago sa bukirin bilang sagisag ng katotohanan. Hindi ito nakalatag sa ibabaw; dapat nating hukayin ito. Subalit ang ating tagumpay sa pagkatuklas nito ay hindi gaanong nakabatay sa kakayahan ng ating katalinuhan tulad ng kapakumbabaan ng ating puso at ang pananampalataya na siyang manghahawak sa banal na saklolo."--5 T, p. 704.

**b. Sino ang magbibigay sa atin ng pagkaunawa sa mahalagang mga katotohanan ng Biblia? Kaw. 2:6; Luc. 10:21; 24:45. Bakit hindi kailangan sa ating kaligtasan ang kakayanang ipaliwanag ang bawat bagay na mahirap na unawain sa Biblia?**

"Marami ang nakakadama na tungkulin nila na ipaliwanag ang bawat tila may kahirapan sa Biblia upang harapin ang mga mapanutol na mga mapag-alinlangan at walang Diyos. Ngunit sa pagsisikap na ipaliwanag ang mga bagay na hindi nila gaanong nauunawaan, sila ay nasa panganib ng panlilito ng isipan ng iba tungkol sa punto ng mga bagay na malinaw at madaling unawain. Hindi ito ang ating gawain. Huwag tayong malungkot dahil sa mga kahirapang ito, kundi tanggapin sila na pinahintulutan ng karunungan ng Diyos. Tunglukin natin na tanggapin ang Kanyang salita, na malinaw sa bawat punto na mahalaga sa kaligtasan ng kaluluwa, at isakabuhayan ang prinsipyo nito, na ituro ang mga ito sa iba sa alituntunin at sa halimbawa. Sa gayon ay mapapatunayan sa sanlibutan na tayo ay may kaugnayan sa Diyos at matibay na pagtitiwala sa Kanyang salita. Ang buhay na may kabanalan, ang araw-araw na halimbawa ng kalinisan, kaamuan, at di-makasariling pag-ibig ay magiging buhay na paglalahad ng aral ng salita ng Diyos, at ito ay isang argumento sa panig ng Biblia na iilan lamang ang sasalungat."--Ibid., pp. 705, 706.

**3. PAGKAKAROON NG ISANG MAAYOS NA UGALI**

**a. Anong ugali dapat mayroon tayo kapag tayo'y nag-aaral ng Biblia? Awit 10:17; 46:10; Isa. 57:15.**

"Dapat tayong lumapit na may banal na paggalang sa pag-aaral ng Biblia, na nadarama na tayo ay nasa presensiya ng Diyos. Lahat ng kawalang paggalang at pagbibiro ay dapat itabi. Habang ang ilang bahagi ng salita ay madaling maunawaan, ang tunay na kahulugan ng ibang bahagi ay hindi agad mauunawaan. Dapat na may matiyagang pag-aaral at pagbubulay-bulay at masikap na panalangin. Bawat mag-aaral, kapag kanyang binuksan ang Kasulatan, ay dapat humingi ng kaliwanagan sa Banal na Espiritu, at ang pangako ay tiyak na ito'y ibibigay.

"Ang espiritu kung saan kayo ay lumapit sa pagsasaliksik ng Kasulatan ang magpapakilala ng katulong sa inyong tabi. Ang mga anghel mula sa daigdig ng liwanag ang makakasama ng mga naghahanap ng banal na gabay sa kapakumbabaan ng puso. Ngunit kapag ang Biblia ay binuksan na walang paggalang, na nadarama ang sariling kakayahan, kung ang puso ay puno ng masamang akala, si Satanas ang nasa tabi mo, at kanyang babaliktarin ang malinaw na salita ng Diyos."--TM, pp. 107, 108.

**b. Paano tayo dapat tumugon sa konklusiyon ng ibang mga tao tungkol sa sinasabi ng Biblia? 2 Tim. 2:15; Gawa 17:11.**

"Ang katotohanan ay walang hanggan, at ang pakikibaka ng kamalian ay maghahayag lamang ng kalakasan nito. Hindi tayo dapat tumanggi na siyasatin ang Kasulatan kasama ng mga may dahilan upang maniwala, may mithiing malaman ang katotohanan hangga't magagawa natin. Ipagpalagay nating ang isang kapatid ay may pananaw na naiiba kaysa sa iyo, at siya ay lumapit sa iyo, na nagmumungkahing kayo ay maupo at saliksikin ang punto sa liwanag ng Kasulatan; ikaw ba'y tatayo na puno ng masamang akala at hatulan ang kanyang mga pananaw habang tumatangging pakinggan siya? Ang tanging tamang paraan ay ang maupo bilang mga Kristyano at saliksikin ang katayuang ipinakilala sa liwanag ng Salita ng Diyos, na maghahayag ng katotohanan at ipapakita ang kamalian. Ang pagtuligsa sa kanyang pananaw ay hindi magpapahina sa kanyang tayo, bagaman ito'y mali, o magpapalakas sa iyong tayo, bagaman ito'y totoo. Kung ang haligi ng ating pananampalataya ay hindi makakatayo sa subukan ng pagsasaliksik, ito na ang panahon upang malaman natin; sapagkat kahangalan ang manatili sa ating mga pananaw at isiping walang sinoman ang dapat mamagitan sa ating mga katayuan. Lahat ng bagay ay dapat dalhin sa Biblia; sapagkat ito ang tanging batayan ng pananampalataya at doktrina."--TBE, Okt. 15, 1892.

## 4. PAG-UNAWA SA SALITA NG DIYOS

**a. Paano natin matitiyak na nauunawaan natin ang anomang bahagi ng Biblia ng tama? Isa. 28:10, 13; 2 Cor. 13:1.**

"Ang Banal na Kasulatan ay dapat ipaliwanag ng iba at mas malinaw na mga talata;… ang Banal na Aklat na ito ay, sa lahat ng mga bagay kailangan ng Kristyano, madaling unawain, at tinatayang mag-aalis ng kadiliman. Tayo ay pinagpasiyahan, sa biyaya ng Diyos, na panatilihin ang dalisay at tanging pangangaral ng Kanyang nag-iisang salita, na nilalaman ng mga aklat sa Biblia ng Luma at Bagong Tipan , na walang idinagdag na anomang bagay na maaaring salungat dito. Ang salitang ito ang siyang tanging katotohanan; ito ang tiyak na alituntunin ng lahat ng doktrina at ng lahat ng buhay, at hindi mabibigo o manlilinlang sa atin. Siya na nagtatayo sa pundasyong ito ay makakatayo laban sa lahat ng kapangyarihan ng impiyerno, habang ang lahat ng kapalaluan ng tao na itinatag laban dito ay babagsak sa harapan ng Diyos.'"--GC, p. 203.

"Ang Aklat ng mga aklat ay may pinakamataas na pag-angkin sa ating banal na paggalang. Ang mababaw na pag-aaral ay hindi maaabot ang mga hinihingi nito sa atin, hindi maibibigay sa atin ang ipinangakong pakinabang. Dapat tayong magsikap na matutunan ang buong kahulugan ng mga salita ng katotohanan at uminom ng malalim sa espiritu ng banal na kasulatan."--TBE, Okt. 1, 1892.

"Dapat na hukayin ninyo ng malalim ang mina ng katotohanan kung nais ninyong masumpungan ang pinakamasaganang kayamanan nito. Pinaghahambing ang mga kasulatan, inyong masusumpungan ang kahulugan ng talata; ngunit kung hindi ninyo gagawing alituntunin at gabay ng inyong buhay ang banal na mga aral ng Salita ng Diyos, ang katotohanan ay walang kabuluhan sa inyo."--MLT, p. 22.

**b. Paano ginamit ni Jesus ang paraang ito upang mapanagumpayan ang mga tukso ni Satanas? Mat. 4:6, 7; Isa. 59:19.**

"Ang tukso ay madalas na lumilitaw na hindi kayang labanan dahil, sa kapabayaan sa panalangin at pag-aaral ng Biblia, ang tinutukso ay hindi handang maalaala ang mga pangako ng Diyos at harapin si Satanas ng mga sandata ng Kasulatan. Subalit ang mga anghel ay nakapalibot sa mga handang turuan ng mga banal na bagay; at sa panahon ng malaking pangangailangan ay ipapaalala sa kanila ang mga katotohanan na kinakailangan."--GC, p. 600.

**5. MAGSIMULA SA PANALANGIN**

**a. Bakit kailangan nating manalangin bago natin buksan ang Biblia? 1 Cor. 2:11-13; Sant. 1:5; Awit 10:17.**

"Kung wala ang gabay ng Banal na Espiritu tayo'y patuloy na nasa panganib na baluktutin ang Kasulatan o mali ang pag-unawa sa kanila….

"Maraming pagbabasa ng Biblia na walang pakinabang at sa maraming pagkakataon ito'y positibong pinasala. Kapag ang salita ng Diyos ay binuksan na walang paggalang at walang panalangin; kapag ang isipan at damdamin ay hindi nakatuon sa Diyos o kaayon ng Kanyang kalooban, ang isipan ay matatakpan ng pag-aalinlangan; at sa pag-aaral ng Biblia, ang pag-aalinlangan ay napapalakas. Ang kaaway ang nanghahawak sa isipan, at siya'y nagmumungkahi ng maling mga pang-unawa."--5 T, pp. 704, 705.

**b. Kaninong tulong ang dapat nating hingiin sa panalangin? Luc. 11:9-13. Ano ang magagawa ng Saklolong ito para sa atin? Juan 16:13; 14:13, 16, 17, 26.**

"Ang Biblia ay hindi kailan man dapat pag-aralan na walang panalangin. Ang Banal na Espiritu lamang ang maaaring magpadama sa atin ng kahalagahan ng mga bagay na iyon na madaling unawain, o hadlangan tayo na baluktutin ang mga katotohanan na mahirap unawain. Gawain ng mga makalangit na anghel na ihanda ang puso upang maunawaan ang salita ng Diyos upang tayo ay maakit sa kagandahan nito, payuhan ng mga babala nito, o mapasigla at mapalakas ng mga pangako nito. Dapat nating ilagay sa sarili ang panalangin ng mang-aawit: 'Buksan mo ang aking mga mata, upang makita ko ang kahanga-hangang mga bagay sa Iyong kautusan' (Awit 119:18)."--GC, pp. 599, 600.

*Biyernes* *Agosto 14*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

1. **Gaanong pagpansin at pagtutuon ang dapat kong ibigay sa pag-aaral ng Biblia?**
2. **Ano ang mas mahalaga kaysa sa katalinuhan sa pag-aaral ng Kasulatan?**
3. **Paano natin matitiyak ang tulong ng mga anghel sa pag-unawa ng Biblia?**
4. **Bakit madalas tayong nadadaig ng tukso?**
5. **Paano tayo dapat maghanda bago tayo magsimulang mag-aral ng Biblia?**

# Pang-unawa

**"Sa aba nila na tinatawag ang masama na mabuti, at ang mabuti na masama; na ginagawang liwanag ang kadiliman, at ang kadiliman ay liwanag; na ginagawang mapait ang matamis, at matamis ang mapait! Sa aba nila na pantas sa kanilang sariling mga mata, at matalino sa kanilang sariling paningin!" (Isa. 5:20, 21).**

"Ang bayan ng Diyos ay dapat manalangin sa Kanya para sa malinaw na espirituwal na pang-unawa, upang kanilang makilala ang mga teorya ng tao mula sa Salita ng buhay na Diyos. Dapat nilang pag-aralan ang Kasulatan."--18 MS, p. 151.

**Mungkahing Babasahin:** *The Desire of Ages,* pp. 668-672.

***Linggo*** ***Agosto 16***

**1. MAY PAGPAPASIYANG MAKINIG**

**a. Paano natin matitiyak na tayo ay nakikinig sa tinig ng Diyos? Juan 10:27; Mat. 7:16-20, 24-27; Gal. 5:22, 23.**

"Ang mabuting puno ay magbubunga ng mabuting bunga. Kung ang bunga ay hindi malasa at walang kabuluhan, ang puno ay masama. Kung kaya ang bungang ipinapakita sa buhay ang nagpapatotoo sa kalagayan ng puso at sa kagalingan ng ugali. Ang mabuting mga gawa ay hindi kailan makakabili ng kaligtasan, subalit sila ay mga patunay ng pananampalataya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig at naglilinis ng kaluluwa. At bagaman ang walang hanggang gantimpala ay hindi ibibigay dahil sa ating merito, subalit ito'y katumbas ng gawaing nagawa sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo.

"Sa gayon inilatag ni Kristo ang mga prinsipyo ng Kanyang kaharian at ipinakita sa kanila upang maging dakilang alituntunin ng buhay. Upang idiin ang aral ay Kanyang idinagdag ang paglalarawan. Hindi sapat, sinabi Niya, na inyong marinig ang Aking mga salita. Sa pamamagitan ng pagtalima ay magiging pundasyon ng inyong pag-uugali ang mga ito. Ang sarili ay tulad sa di-matibay na buhangin. Kung kayo ay magtatayo sa makataong mga teorya at katha, ang inyong sangbahayan ay babagsak."--DA, p. 314.

**b. Ano ang naglalarawan na si Jesus ay nakinig sa Kanyang Ama ng tumpak? Paano ang paglalarawang ito ni Jesus dapat mapasa atin din? Juan 5:19, 20, 36.**

**2. PAGTANAW SA KASAYSAYAN**

**a. Ano ang ibat-ibang karanasan ng iglesia ng Diyos sa nagdaang mga panahon tungkol sa pakikinig sa tinig ng Diyos? 2 Hari 22:13; 23:3; Zac. 7:11-13; Jer. 29:17-19.**

**b. Anong personal na patotoo ang pinahayag ni Jeremias at ni David sa kanilang pakikinig sa tinig ng Diyos? Jer. 15:16; Awit 119:57-60.**

**k. Ano ang matututunan natin mula sa karanasan ng mga alagad ni Jesus sa pakikinig sa tinig ng Diyos? Mar. 7:5-8; Mat. 28:19, 20.**

"Napakahirap para sa [mga alagad ni Jesus] na panatilihing naiiba ang Kanyang mga aral mula sa mga tradisyon at paniniwala ng mga escriba at mga Pariseo. Sila ay naturuan na tanggapin ang mga aral ng mga guro bilang tinig ng Diyos, at ito'y may taglay na kapangyarihan sa kanilang isipan at humubog ng kanilang damdamin. Ang makalupang mga kaisipan, temporal na mga bagay, ay may malaking bahagi pa rin sa kanilang isipan. Hindi nila naunawaan ang espirituwal na likas ng kaharian ni Kristo, bagaman madalas Niya itong ipinapaliwanag sa kanila. Ang kanilang isipan ay nalito. Hindi nila maunawaan ang halaga ng kasulatan na ipinangangaral ni Kristo. Marami sa Kanyang mga aral ay tila walang halaga sa kanila."--DA, p. 670.

"Sa atas sa Kanyang mga alagad, hindi lamang binalangkas ni Kristo ang kanilang gawain kundi ibinigay din sa kanila ang kanilang mensahe. Turuan ninyo ang mga tao, sabi Niya, 'na ingatan ang lahat ng bagay anoman ang Aking iutos sainyo' (Mat. 28:20). Dapat ituro ng mga alagad ang itinuro sa kanila ni Kristo. Kung ano ang Kanyang sinabi, hindi lamang sa personal, kundi sa pamamagitan ng lahat ng mga propeta at mga guro sa Lumang Tipan, ay kabilang dito. Ang makataong mga turo ay sasaraduhan. Walang lugar para sa tradisyon, o sa mga teorya at konklusiyon ng tao, o para sa mga batas ng iglesia. Walang mga batas na itinakda ng kapangyarihan ng iglesia ang kabilang sa atas. Walang alin man sa mga ito ang ituturo ng mga lingkod ng Diyos. 'Ang kautusan at ang mga propeta,' kasama ang mga tala ng Kanyang sariling mga salita at gawa, ang kayamanang itinalaga sa mga alagad na dapat ibigay sa sanlibutan. Ang pangalan ni Kristo ang kanilang bukang-bibig, ang tatak ng kanilang pagkakilala, ang tali ng kanilang pagkakaisa, ang kapangyarihan ng kanilang paggawa, at ang pinagmumulan ng kanilang tagumpay. Walang anomang bagay na hindi nagdadala ng Kanyang tatak ang kikilalanin sa Kanyang kaharian."--Ibid., p. 826.

**3. PAKIKINIG SA TINIG NG KONSIYENSIYA**

**a. Mula sa karanasan ni Apostol Pablo, gaano kahalaga ang pakikinig sa tinig ng ating sariling konsiyensiya? Gawa 24:16; 1 Tim. 1:19; 1 Juan 3:21.**

**b. Ano ang dahan-dahang mangyayari kung kakaligtaan natin ang pagsunod sa tinig ng konsiyensiya? Mat. 6:22, 23; Tito 1:15; 1 Tim 4:2.**

"Kapag minsang pinabayaan ng isang tao ang pakikinig sa mga paanyaya, mga saway, at mga babala ng Espiritu ng Diyos, ang kanyang konsiyensiya ay nalalanta, at ang sumunod na pagkakataon na siya ay pinayuhan, mas mahirap nang sumunod kaysa noong nakaraan. At gayon sa bawat pamamanhik. Ang konsiyensiya ay tinig ng Diyos, na naririnig sa gitna ng paglalaban ng mga makataong hilig; kapag ito'y nilabanan, ang Espiritu ng Diyos ay napipighati."--5 T, p. 120.

"Ang iisang layunin, buong pusong pagtatalaga sa Diyos, ang siyang kondisyong tinutukoy ng salita ng Tagapagligtas. Gawing taimtim ang layunin at di-natitinag upang kilalanin ang katotohanan at sundin ito ano man ang kapalit, at tatanggapin ninyo ang banal na liwanag. Ang tunay na kabanalan ay nagsisimula kapag ang lahat ng pakikipagsabwatan sa kasalanan ay nagwawakas….

"Ngunit kapag ang mata ay nabulag sa pag-ibig sa sarili, kadiliman ang nariyan. 'Kung ang iyong mata ay masama, ang iyong buong katawan ay mapupuno ng kadiliman' (Mat. 6:23). Ang nakakakilabot na kadilimang ito ang bumalot sa mga Hudyo sa katigasan ng di-pagsampalataya, na naging imposible para sa kanila na pahalagahan ang ugali at misyon Niya na pumarito upang iligtas sila mula sa kanilang mga kasalanan."--MB, pp. 91, 92.

**k. Ano ang dapat nating gawin sa bawat pananaw o kaisipang mayroon tayo tungkol sa sinasabi sa atin ng Diyos? Juan 5:39; Heb. 4:12.**

"Ang pananaw at damdamin ay walang tiyak na katibayan na ang isang tao ay ginagabayan ng Panginoon. Si Satanas, kapag hindi pinaghihinalaan, ay nagbibigay ng damdamin at pananaw. Ito ay hindi ligtas na gabay. Lahat ay dapat maging lubos na bihasa sa kanilang sarili sa mga katibayan ng ating pananampalataya, at ang pinakadakilang pag-aaral ay kung paano nila sasamyuhan ang kanilang pagtanyag at mamunga para sa kaluwalhatian ng Diyos."-- 1 T, p. 413.

"Kung kayo ay nag-aalinlangan sa anomang paksa ay dapat muna kayong sumangguni sa Kasulatan."-- 5 T, p. 512.

**4. KATAPATAN**

**a. Ano ang saloobin ng Diyos sa anomang di-pagtatapat? Kaw. 19:5; Gawa 5:3-5.**

"Ang Diyos ay napopoot sa pagpapaimbabaw at kasinungalingan. Si Ananias at Safira ay nagsagawa ng pandaraya sa kanilang pakikitungo sa Diyos; sila'y nagsinungaling sa Banal na Espiritu, at ang kanilang kasalanan ay dinalaw ng mabilis at nakakatakot na kahatulan."--AA, p. 72.

"Mula sa mahigpit na parusa na iginawad sa mga mandarayang iyon, nais ng Diyos na matuto din tayo kung gaano kalalim ang Kanyang poot at galit sa lahat ng pagpapaimbabaw at pandaraya."--Ibid., p. 75.

"Marami sa mga paglilingkod na itinatanyag na para sa Diyos, naroon ang pagtatanghal at pagtataas ng sarili. Napopoot ang Diyos sa pagkukunwari. Kapag ang mga lalaki at mga babae ay tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu, ikukumpisal nila ang kanilang mga kasalanan, at ang kapatawaran, na ang ibig sabihin ay pag-aaring ganap, ay ibibigay sa kanila. Subalit ang karunungan ng makataong kasangkapan na hindi nagsisisi, hindi nagpakumbaba, ay hindi dapat asahan, sapagkat sila ay bulag tungkol sa kahulugan ng katuwiran at kabanalan sa pamamagitan ng katotohanan. Kapag ang mga tao ay nahubaran ng sariling katuwiran, makikita nila ang kanilang kadukhaan sa espirituwal. At sila ay lalapit na may kabaitan ng pagkakapatiran na nagpapakita na sila ay nasa panig ni Kristo."--TDWG, p. 326.

**b. Ano ang maaaring mangyari kapag hindi tayo tapat sa ating sarili sa pag-aaral ng Kasulatan? Eze. 14:3, 4. Ano ang ating magagawa tungkol dito? Talatang 6.**

"Kunin mo ang Biblia na walang masamang akala at sa mapagpakumbaba, natuturuang espiritu, at may pang-unawang bukas sa mga pagdidiin ng Espiritu ng Diyos, hayaang ang humihikayat na kapangyarihan nito ang humubog sa buhay at konsiyensiya."--TBE, Sety. 2, 1895.

"Hindi ka dapat magsaliksik sa layuning hanapin ang mga talata ng Kasulatan na iyong magagamit upang patunayan ang iyong mga teorya; sapagkat ang salita ng Diyos ay nagsabi na ito ay pagpipilipit ng Kasulatan para sa iyong sariling pagkawasak. Dapat mong alisin sa iyong sarili ang bawat masamang akala at lumapit sa espiritu ng panalangin sa pagsasaliksik ng salita ng Diyos."--FCE, p. 308.

*Huwebes* *Agosto 20*

**5. KAAMUAN AT KAPAKUMBABAAN**

**a. Anong mahalagang katangian ng ugali ang dapat matutunan ng bawat isa sa atin mula kay Jesus? Mat. 11:29; Awit 22:26; 25:9.**

"Ang kaamuan at kapakumbabaan ang katangian ng lahat na masunurin sa kautusan ng Diyos."--ST, Hulyo 22, 1897.

"Kung ang ating kalooban ay hindi kaayon sa banal na mga hinihingi, dapat nating tanggihan ang ating mga hilig, ilagak ang ating mga minamahal na mithiin, at humakbang sa mga yapak ni Kristo."--RH, Okt. 23, 1900.

"Bawat isa ay dapat magkaroon ng sariling karanasan at magsikap na maabot ang mga kaluluwa. Hinihingi ng Diyos sa bawat isa na gamitin ang lahat ng kanyang kapangyarihan sa gawain at, sa pamamagitan ng patuloy na pagsisikap, turuan ang sarili na gawin ang gawaing ito na katanggap-tanggap…. Lahat ng mga manggagawa ay dapat gumamit ng kaparaanan at dalhin ang lahat ng sangkap sa ilalim ng pangunguna ng impluwensiya ng Espiritu ng Diyos. Dapat nilang gawing trabaho ang pag-aaral ng Kanyang salita at pakinggan ang tinig ng Diyos na nangungusap sa kanila mula sa Kanyang buhay na kasulatan sa saway, sa pagtuturo, o sa kalakasan, at ang Kanyang Espiritu ay palalakasin sila, upang bilang mga manggagawa ng Diyos, sila ay lumago sa pangrelihiyong karanasan. Sa gayon sila ay pangungunahan sa bawat hakbang tungo sa mas dakilang kataasan, at ang kanilang kagalakan ay malulubos."--5 T, pp. 576, 577.

"Kung ikaw ay handang matuto ng kaamuan at kababaan ng puso sa paaralan ni Kristo, tiyak na bibigyan ka Niya ng kapahingahan at kapayapaan. Ito ay kakilakilabot na napakahirap na pakikibaka na iwanan ang iyong sariling kalooban at ang iyong sariling daan. Ngunit kapag natutunan ang aral na ito, ikaw ay makakasumpong ng kapahingahan at kapayapaan. Ang kapalaluan, pagkamakasarili, at ambisyon ay dapat mapanagumpayan; ang iyong kalooban ay dapat lamunin ng kalooban ni Kristo."--5 SDA BC [E.G. White Comments], p. 1091.

*Biyernes* *Agosto 21*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

**1. Anong katibayan ang nagpapakita na ating narinig ang Diyos?**
**2. Ano ang humadlang sa unang bayan ng Diyos sa pakikinig sa Kanya?**
**3. Paano natin mapapanatili ang isang mabuting konsiyensiya?**
**4. Paano natin malalaman kung tayo nga ay tapat sa Diyos?**
**5. Ano ang dapat nating gawin kung ating masumpungan na ang ating kalooban ay hindi kaayon sa mga hinihingi ng Diyos?**

# Mag-ingat sa Katigasan ng Ulo!

**“Maglingkod sa Panginoon na may takot, at magalak na may pangangatal. Halikan ang Anak, at baka siya’y magalit, at kayo’y mapahamak mula sa daan, kapag ang kanyang galit ay magningas ng kaunti. Mapalad ang lahat na nagtitiwala sa kanya” (Awit 2:11, 12).**

“Kapag ang pamamanhik ng Banal na Espiritu ay dumating sa puso, ang ating tanging kaligtasan ay nakabatay sa ating pagtugon sa kanila na walang pagkaantala…. Hindi ligtas ang maantala ang pagtalima. Baka hindi mo na muling marinig ang paanyaya.”--COL, p. 281.

**Mungkahing Babasahin:** *Patriarchs and Prophets,* pp. 617-622.

***Linggo*** ***Agosto 23***

### 1. ANG HARI NA TUMANGGING MAKINIG

**a. Paano ang Diyos nangusap sa hari ng Egipto? Exo. 5:1; 6:10, 11.**

“Ang Diyos ay nangusap sa hari ng Egipto sa pamamagitan ng bibig ni Moises, na ibinigay sa kanya ang pinakamalinaw na mga katibayan ng banal na kapangyarihan; subalit ang hari ay matigas na tumanggi sa liwanag na maaaring magdala sa kanya sa pagsisisi. Ang Diyos ay hindi nagpadala ng pambihirang kapangyarihan upang patigasin ang puso ng mapaghimagsik na hari, subalit habang ang Paraon ay lumalaban sa katotohanan, ang Banal na Espiritu ay umalis, at siya’y naiwan sa kadiliman at di-pagsampalataya na kanyang pinili.”--RH, Hunyo 20, 1882.

**b. Umasa ba ang Diyos na ang Paraon ay makikinig? Exo. 3:19.**

“Ang Diyos ay nangungusap sa tao sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, na nagbibigay ng babala at mga paalala, at sinasaway ang kasalanan. Binibigyan Niya ang bawat isa ng pagkakataon upang ituwid ang kanyang mga pagkakamali bago ito maging tunay na ugali; subalit kapag ang isang tao ay tumangging ituwid, ang banal na kapangyarihan ay hindi na mamamagitan upang hadlangan ang bunga ng kanyang sariling gawa. Masusumpungan niya na mas madaling ulitin ang gayong gawain. Pinatitigas niya ang puso laban sa impluwensiya ng banal na Espiritu. Ang higit pang pagtanggi sa liwanag ay naglalagay sa kanya sa mas malakas na impluwensiya na mas mabisa sa pagtatatak sa kanya.”--PP, p. 268.

**2. ANG HALAGA NG PAGHIHIMAGSIK**

**a. Ano ang unang tugon ng paraon sa Diyos? Exo. 5:2.**

"Ang mga binhi ng paghihimagsik na inihasik [ng Paraon] nang kanyang itinakwil ang unang himala ay namunga. Habang siya'y nagpapatuloy sa pangangahas sa kanyang sariling gawain, na nagpapatuloy mula sa unang antas ng katigasan tungo sa sumunod, ang kanyang puso ay lalo pang napatigas, hangga't siya ay tinawag upang tingnan ang malamig, patay na mukha ng kanyang panganay."--Ibid., p. 268.

**b. Gaano katiyaga ang Diyos sa pakikipag-usap kay Paraon? Exo. 7:15-18; 8:1, 2, 20, 21; 9:1-3, 13; 10:3, 4. Sino ang nagpalakas kay Paraon upang makinig sa Diyos? Exo. 8:19; 10:7.**

"Ang Panginoon ay nagbigay [sa Paraon] ng patunay ng Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng mga tanda at himala sa harapan niya. Ang dakilang AKO NGA ay ipinakilala kay Paraon ang Kanyang malaking gawain, na ipinakita sa kanya na Siya ang pinuno ng kalangitan at lupa, subalit ang hari ay pinili ang hamakin ang Diyos ng langit. Hindi siya pumayag na wasakin ang kanyang kapalaluan, matigas na puso maging sa harapan ng Hari ng mga hari, upang matanggap niya ang liwanag; sapagkat siya'y may pagpapasiyang magkaroon ng sarili niyang daan at isagawa ang kanyang paghihimagsik. Pinili niyang gawin ang sarili niyang kalooban at itabi ang utos ng Diyos, at ang katibayang ibinigay sa kanya na ang Diyos ang pinakamataas sa lahat ng mga diyusdiyusan ng mga bansa, mataas sa lahat ng matatalinong tao at mahiko, ay bumulag lamang sa kanyang isipan at nagpatigas ng kanyang puso."--CC, p. 89.

**k. Ano ang gagawin ng Diyos kung ang Paraon ay nagsisi? 2 Ped. 3:9.**

"Kung tinanggap ni Paraon ang patunay ng kapangyarihan ng Diyos na ibinigay sa unang salot, siya ay maliligtas sa lahat ng kahatulang sumunod. Subalit ang kaniyang katigasan ay tumawag ng higit pang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos, at ang salot ay sinundan ng isa pang salot, hanggang sa huli siya ay tinawag upang tingnan ang patay na mukha ng kanyang sariling panganay na anak, at ng kanyang lahi; habang ang mga anak ni Israel, na kanyang mga alipin, ay hindi napipinsala ng mga salot, hindi ginalaw ng pumapatay na anghel. Pinatunayan ito ng Diyos sa Kanyang pinagpapala, na siyang Kanyang bayan."--Ibid.

## 3. ISANG BABALA PARA SA ATIN

**a. Anong babala ang dapat nating kunin mula sa pagtanggi ni Paraon na makinig sa Diyos? Heb. 3:12, 13.**

"Siya na minsang sumuko sa tukso ay lalo pang handang sumuko sa ikalawang pagkakataon. Bawat pag-uulit ng kasalanan ay nagpapahina ng kanyang kapangyarihan ng paglaban, bumubulag ng kanyang mga mata, at sumusugpo sa kanyang pagkahikayat. Bawat binhi ng pagpapakabuyo na inihasik ay magbubunga. Ang Diyos ay hindi gumagawa ng himala upang hadlangan ang ani. 'Kung ano ang iyong itinanim, iyon din ang iyong aanihin' (Gal. 6:7). Siya na nagpapakita ng masamang katigasan, isang malamig na di-pagpapahalaga sa banal na katotohanan, ay pag-aani lamang ng bunga ng kanyang itinanim. Sa gayon na ang karamihan ay lumalapit upang makinig na may pinipigilang di-pagpapahalaga sa mga katotohanan na minsang gumising sa kanilang kaluluwa. Sila'y naghasik ng kapabayaan at paglaban sa katotohanan, at ito ang bunga na kanilang inaani.

"Ang sinomang nagpapatahimik sa isang may kasalanang konsiyensiya sa pag-iisip na mababago nila ang takbo ng kasamaan kapag pinili nila, na maaari nilang hamakin ang mga paanyaya ng kahabagan, at paulit-ulit na makakarinig, ay ginagawa ito para sa kanilang sariling panganib. Iniisip nila na matapos ipakita ang lahat nilang impluwensiya sa panig ng dakilang rebelde, sa isang sandali ng sukdulang kahigpitan, kapag napapalibutan na sila ng panganib, papalitan nila ang mga namumuno. Subalit hindi ito madaling gawin. Ang karanasan at edukasyon, ang disiplina ng buhay ng makasalanang pagpapakabuyo, ay lubusang humubog sa ugali na hindi na nila matatanggap ang larawan ni Jesus…. Ang habag ay maaaring mamagitan at bigyan sila ng pagkakataon upang tanggapin ang kanyang alok; subalit matapos na ang liwanag ay matagal ng itinakwil at hinamak, ito ay tuluyan ng babawiin."--PP, pp. 268, 269.

"Ang isang minahal na kasalanan ay dahan-dahang magpapababa ng ugali, na ipinapailalim ang lahat ng mararangal na kapangyarihan sa masamang mithiin. Ang pag-alis ng isang pananggalang mula sa konsiyensiya, ang pagpapakabuyo sa isang masamang kasanayan, ang kapabayaan sa mataas na hinihingi ng tungkulin, ay nagwawasak ng mga pananggalang ng kaluluwa at nagbubukas ng daan para kay Satanas upang pumasok at iligaw tayo."--CC, p. 114.

**b. Kung maisip natin na tayo ay may espiritu ni Paraon, ano ang dapat nating gawin? Isa. 27:5.**

"Bawat daan ay ginawa para sa ating mga kahinaan, bawat pampasigla ay inialok sa atin upang lumapit kay Kristo."--COL, p. 156.

**4. ANG MGA BUNGA NG PAGTANGGING MAKINIG**

**a. Sa wakas, bakit ginawa ng Paraon ang sinabi ng Diyos? Exo. 12:30-32.**

**b. Sino ang nais ng Diyos na makinabang sa mga mensahing ito kay Paraon? Exo. 3:19, 20.**

"Dahil dito kayo'y aking itinaas, upang ipakita sa kanila ang Aking kapangyarihan' (Exo. 9:16). Hindi inilagay ng Diyos [ang Paraon] para sa layuning ito, kundi ang Kanyang probidensiya ang nanguna sa mga pangyayari upang ilagay siya sa luklukan sa panahong itinakda para sa pagligtas sa Israel. Bagaman ang matigas at malupit na ito ay nawala ang habag ng Diyos dahil sa kanyang kasamaan, ang kanyang buhay ay iningatan upang sa pamamagitan ng kanyang katigasan maipakita ng Panginoon ang Kanyang mga hiwaga sa lupain ng Egipto. Ang kaganapan ng mga pangyayari ay probidensiya ng Diyos. Maaari niyang ilagay sa luklukan ang higit na mahabaging hari, na hindi mangangahas na labanan ang malakas na pagpapakita ng banal na kapangyarihan. Subalit sa kalagayang iyon ang mga layunin ng Panginoon ay hindi matutupad. Ang Kanyang bayan ay pinahintulutang makaranas ng dumudurog na kalupitan ng mga taga Egipto, upang hindi sila madaya tungkol sa nagpapababang impluwensiya ng pagsamba sa diyusdiyusan. Sa Kanyang pakikitungo kay Paraon, ipinakita ng Panginoon ang Kanyang poot sa pagsamba sa diyusdiyusan at ang Kanyang pagpapasiya na parusahan ang kalupitan at pang-aapi."--PP, pp. 267, 268.

**k. Kung hindi tayo handang makinig sa Diyos, ano ang ating matututunan mula sa halimbawa ni Paraon? Kaw. 1:24-28; Zac. 7:11, 12; Heb. 12:25.**

"Nagpadala ang Diyos sa [Paraon] ng mensahe ng babala at awa, ngunit siya ay tumanggi na kilalanin ang Diyos ng langit at hindi nagpakita ng pagtalima sa Kanyang kautusan. Tanong niya, 'Sino ang Panginoon, upang aking pakinggan ang kanyang tinig?' (Exo. 5:2)….

"Bawat dagdag na patunay ng kapangyarihan ng Diyos na nilabanan ng hari ng Egipto, ay dinadala siya sa mas malakas at mas matigas na paghamak sa Diyos…. Ang pangyayaring ito ay malinaw na paglalarawan ng kasalanan laban sa Banal na Espiritu…. Dahan-dahang inalis ng Panginoon ang Kanyang Espiritu. Inalis ang Kanyang namamagitang kapangyarihan, Kanyang ibinigay ang hari sa mga kamay ng pinakamasama sa lahat ng malulupit--ang sarili."--CC, p. 89.

*Huwebes* *Agosto 27*

**5. ANG PROPETA NA AYAW MAKINIG**

**a. Ilang beses na ang Diyos ay nagsikap na tawagin ang pansin ni Balaam? Bil. 22:22-27.**

**b. Ano ang humadlang kay Balaam na makilala agad ang mensahe ng Diyos? 2 Ped. 2:20, 21. Kapag tayo ay nabibigo at naniniwala na hindi mabuti ang takbo ng panahon sa atin, ang Diyos kaya ay maaaring nagsisikap na tawagin ang ating pansin?**

"Si Balaam ay nabulag sa makalangit na panghihimasok at hindi alam na ang Diyos ang humahadlang sa Kanyang daan."--PP, pp. 441, 442.

"Ang isang minamahal na kasalanan ay lumason sa buong ugali ni [Balaam] at naging sanhi ng [kanyang] kapahamakan."--CC, p. 114.

"Kapag malinaw na nakita ng isang tao ang kanyang tungkulin, huwag niyang isipin na lumapit sa Diyos sa panalangin upang ipagpaliban siya sa pagganap nito. Sa halip, sa kapakumbabaan at nagpapahinuhod na espiritu, ay humingi ng banal na kalakasan at karunungan upang gampanan ang mga hinihingi nito."--Ibid., p. 113.

"Tayo ay madalas na tumitingin sa mga taong may karanasan bilang ligtas mula sa mga pang-aakit ng masamang kalayawan. Subalit madalas din nating nakikita yaong ang unang mga buhay ay halimbawa ng naligaw ng pang-aakit ng kasalanan, at naisakripisyo ang bigay ng Diyos na pagkatao para sa sariling kaluguran. May panahon na sila ay nag-aatubili sa pagitan ng udyok ng prinsipyo at ng kanilang hilig upang sundin ang ipinagbabawal na gawain; ngunit ang agos ng kasamaan sa wakas ay napapatunayang napakalakas para sa kanilang mabuting pang-unawa, tulad ng kalagayan ng minsang pantas at matuwid na si haring Solomon."--HR, Hunyo 1, 1878.

*Biyernes* *Agosto 28*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

1. **Ilang mga tao na nais makausap ng Diyos ang ayaw makinig sa Kanya?**
2. **Sa anong mga paraan ating hinahamon ang Diyos tulad ng ginawa ni Paraon?**
3. **Ano ang dapat nating gawin kung hindi natin pinansin ang Diyos?**
4. **Paano natin pinatitigas ang ating puso ngayon laban sa Diyos?**
5. **Ano ang mga pagkakatulad at mga pagkakaiba sa pagitan ni Paraon at Balaam?**

## FIRST SABBATH OFFERING FOR A CHAPEL IN WASHINGTON, D.C.

# Pakikinig na Walang Pag-aalinlangan

**"Mapalad ang mga nag-iingat ng kanyang mga patotoo, at naghahanap sa kanya ng buong puso" (Awit 119:2).**

"Kapahamakan ng maraming kaluluwa ang palaging pagkakaroon ng malinaw na katiyakan sa masayang damdamin na sila ay tinanggap ng Diyos. Kung wala ang damdamin tayo ay matututong sumandal sa Kanyang salita…. Ang pag-aalinlangan at takot laban sa mga bagay kung saan tayo ay tinawag upang makipagpunyagi ang siyang mahahalagang pagsubok ng ating pananampalataya, mga manggagawa ng Diyos na gumagawa para sa atin ng nag-uumapaw at walang hanggang bigat ng kaluwalhatian."--ST, Abril 18, 1895.

**Mungkahing Babasahin:** *Steps to Christ,* pp. 105-113.

***Linggo*** ***Agosto 30***

**1. ANO ANG DAPAT GAWIN SA PAG-AALINLANGAN**

**a. Kapag tayo'y nag-aalinlangan, ano ang dapat nating gawin upang harapin ito? Awit 37:3-7.**

"Ang ating pananampalataya ay dapat nakabatay sa katibayan, hindi sa pagtatanghal. Ang sinomang nais mag-alinlangan ay magkakaroon ng pagkakataon; habang ang sinomang nagnanais na malaman ang katotohanan ay makakasumpong ng maraming katibayan kung saan kanilang ibabatay ang pananampalataya."--SC, p. 105.

**b. Bakit hindi natin masasagot ang bawat katanungan o malulutas ang bawat kawalan ng kaliwanagan? Isa. 55:8, 9.**

"Kung magagawa ng isang nilalang na maabot ang lubusang pagkaunawa sa Diyos at sa Kanyang mga gawain, kung gayon, kapag naabot na ang puntong ito, wala na sa kanilang higit pang pagsasaliksik ng katotohanan, walang paglago sa kaalaman, walang higit pang paglago ng isipan o puso. Ang Diyos ay hindi na pinakamataas; at ang tao, dahil naabot na ang hangganan ng kaalaman at pag-aaral, ay hihinto na sa paglago. Pasalamatan natin ang Diyos na hindi ito gayon."--Ibid., p. 109.

**2. MGA LUNAS SA PAG-AALINLANGAN**

**a. Gaano kahalaga ang magtanong at palaguin ang ating isipan sa katalinuhan hanggat maaari? Kaw. 4:7. Anong halimbawa ang ibinigay ni Jesus? Luc. 2:52.**

"Sa ilalim ng humahawak na impluwensiya ni Kristo, ang makataong katalinuhan ay matatamo ang kahanga-hangang mga bagay. Ang kabataan ay dapat pasiglahin upang abutin ang pinakamataas na pamantayan ng katalinuhan. Kung ang takot at pagkakilala sa Diyos ang inuna, walang panganib na ang mag-aaral ay lilipad ng napakataas. Ang pagkakilala sa Diyos, ang pagkaunawa ng Kanyang kalooban sa Kanyang salita, hangga't mauunawaan ito ng makataong isipan, na inimbak sa isipan at hinabi sa ugali, ang magpapaging may kakayahang mga lalaki at babae. Ang pag-aaral ng salita ng Diyos ang magbibigay sa kanila ng kakayahan na gawin ang Kanyang gawain na may katalinuhan at katanggap-tanggap. Ang isipan ay mapapalago, mapapalawak, at mapapaunlad. Ang sinomang patuloy na nag-aaral ng Salita ay tataas at susulong tungo sa pinakamataas na pamantayan, sapagkat sila ay kabahagi ng banal na likas."--YI, Agos. 31, 1899.

**b. Ano ang kailangan sa paghahanap ng mga kasagutan sa ating mga katanungan? Sant. 1:5-8.**

"Marami ang tumitingin sa kanilang mga ministro na sila ang magdadala ng liwanag ng Diyos sa kanila, na tila iniisip na ito ang mas madaling paraan kaysa maabala sa paglapit sa Diyos para sa kanilang sarili. Malaki ang kalugihan nito. Kung sila ay araw-araw na susunod kay Kristo at gagawin Siyang gabay at tagapayo, maaari silang magtamo ng isang malinaw na kaalaman sa Kanyang kalooban, at sa gayon ay magtamo ng mahalagang karanasan. Sapagkat ang kawalan ng karanasang ito, ang mga kapatiran na nagtatanyag ng katotohanan ay lumalakad sa kislap ng pagpapaningas ng iba; hindi nila kilala ang Espiritu ng Diyos at walang kaalaman sa Kanyang kalooban, kung kaya madaling matinag sa kanilang pananampalataya. Hindi sila matatag, sapagkat sila'y nagtitiwala sa iba upang magtamo ng karanasan para sa kanila. Ang sapat na pagkakataon ay ginawa para sa bawat anak ni Adan upang bawat-isa ay magtamo ng kaalaman ng banal na kalooban, upang pasakdalin ang ugaling Kristiyano, at upang madalisay sa pamamagitan ng katotohanan. Ang Diyos ay nilalapastangan ng grupong ito na nagtatanyag na mga tagasunod ni Kristo subalit walang sariling kaalaman sa banal na kalooban o sa hiwaga ng kabanalan."--2 T, p. 644.

## 3. PAGTAKWIL SA MGA TRADISYONG WALA SA BIBLIA

**a. Ano ang dapat mahiwalay mula sa ating personal na pang-unawa sa mensahe ng Diyos? Mar. 7:6-9.**

"Ang Biblia ang siyang alituntunin ng buhay, na itinuturo sa atin ang ugali na dapat nating hubugin para sa hinaharap, walang hanggang buhay. Ang ating pananampalataya, ang ating mga gawain, ay maaaring gawin tayong buhay na babasahin, na kilala at binabasa ng lahat ng mga tao. Hindi kailangan ng mga tao ang madilim na tradisyon at kaugalian upang mauna-waan ang Kasulatan. Ito'y mauunawaang tulad ng araw, na kumikinang sa kalangitan sa tanghaling-tapat, na nangangailangan ng kumukutikutitap na sulo ng lupa upang dagdagan ang kaluwalhatian nito. Ang mga pabula o mga salawikain ng mga pari o ng mga ministro ay hindi kailangan upang iligtas ang mag-aaral mula sa kamalian. Sumangguni sa banal na Kasulatan, at mayroon kayong liwanag. Sa Biblia ang bawat tungkulin ay pinaliwanag, bawat aral ay mauunawaan, na mag-aangkop sa tao sa paghahanda para sa walang hanggang buhay. Ang kaloob ni Kristo at ang pagpapaliwanag ng Banal na Espiritu ay naghahayag sa atin ng Ama at ng Anak. Ang salita ay iniangkop upang ang mga lalaki at mga babae at mga kabataan ay gawing pantas sa kaligtasan. Doon sa salita ang siyensiya ng kaligtasan ay malinaw na ipinahayag…. 'Saliksikin ninyo ang Kasulatan,' sapagkat naroon ang payo ng Diyos, ang tinig ng Diyos na nangungusap sa kaluluwa."--FCE, pp. 390, 391.

"Ang kapangyarihan ng tao ay nagdadala ng tatak ng tao. Hindi natin dapat pahintulutan ang mga karaniwang tao na pumaroon sa ilalim ng pagiging heneral ng mahihina, nalilitong kaisipan ng tao. Ang kapangyarihan ng Diyos ay dapat tumayong pinakamataas. At tatawagin ko ang Kanyang bayan upang kilalanin ang Kanyang kapangyarihan, na nagdadala ng patunay ng banal na pinagmulan nito."- 12 MS, p. 69.

**b. Kapag inilagay natin ang tradisyon na mas mataas kaysa sa Salita ng Diyos, sa anong gawain tayo dadalhin nito? Mat. 23:23.**

"Kapag ang mga pag-aayuno at panalangin ay isinagawa sa espiritu ng pangsariling katuwiran, ang mga ito ay kasuklamsuklam sa Diyos. Ang taimtim na pagtitipon para sa pagsamba, ang pag-ikot ng pangrelihiyong mga seremonya, ang panlabas na kapakumbabaan, ang pagpapataw ng sakripisyo--lahat ay nagtatanyag sa sanlibutan ng patotoo na ang gumagawa ng mga bagay na ito ay ibinibilang ang sarili na matuwid. Ang mga bagay na ito ay tumatawag ng pansin sa mga nangingilin ng mahigpit na mga tungkulin, na nagsasabi, Ang taong ito ay may karapatan na sa langit. Subalit lahat ng ito ay panlilinlang. Ang mga gawa ay hindi makakabili para sa atin ng pasukan sa langit. Ang isang dakilang Handog na ginawa ay sapat para sa lahat na maniniwala."--1 SM, p. 388.

## 4. PERSONAL NA PAGKAHIKAYAT: ISANG PROTEKSIYON LABAN SA PAG-AALINLANGAN

**a. Paano natin malalaman ang daan tungo sa langit? Juan 14:6; 6:63; 8:31, 32. Sa kabilang dako, paano ang marami sa atin mawawalan ng langit?**

"Ang aking puso ay malungkot kapag aking naiisip kung ilan ang mawawalan ng langit dahil hindi nila pinag-aralan ang gabay na ibinigay ng Diyos sa kanila. Walang posibling pagsasaayos kung saan ang mga kaluluwang ito ay maligtas, na nang nasa kanila ang tinig ng Diyos na nagungusap sa kanila sa Kanyang Salita, ay hindi nagkaroon ng sapat na interes sa pagsasaliksik at maging bihasa sa mga tagubilin na ibinigay sa kanila ng Diyos, na itinuturo ang tanging daan na tungo sa langit. Maaari bang magtanong ang apostol, 'Paano tayo makakatakas, kung pababayaan natin ang dakilang kaligtasan?' (Heb. 2:3). Ang ating mga kabataan ay dapat manumpa na sila ay hindi hihipo ng walang kabuluhang mga kathang kuwento, kundi sila ay magsisikap sa pagsasaliksik ng Kasulatan, upang mabigyan nila ang kanilang isipan ng pinakamasustansiya, mabuting pagkain, upang maging malakas sa pagbubulaybulay ng mga gawain ni Kristo na naging katiyakan para sa nagkasalang lahi."--YI, Agos. 31, 1887.

**b. Ano ang dapat nating hingin sa Diyos upang ingatan tayo mula sa pag-aalinlangan? Awit 139:23, 24.**

"Ating saliksikin ng mahigpit ang ating mga sarili. Hindi ba't ang ating mga sumpa sa ating bautismo ay nalalabag? Tayo ba'y patay sa sanlibutan at buhay kay Kristo? Hinahanap ba natin ang mga bagay na nasa itaas, kung saan si Kristo ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos? Naputol ba ang kable na nagtatali sa atin sa walang hanggang Bato? Tayo ba'y natatangay ng agos tungo sa pagkawasak? Hindi ba tayo magsisikap na maghanda at piliting salungatin ang agos? Huwag na tayong mag-atubili pa kundi malakas na ikampay ang mga gaod; at ating gawin ang ating unang gawain dahil kung hindi, tayo ay malulunod."--RH, Hunyo 7, 1887.

"Ipasakop ang inyong puso upang malinis at madalisay; at kayo ay magiging kabahagi ng banal na likas, dahil nakatakas sa kasamaan na nasa sanlibutan sa pamamagitan ng pita. At kayo ay 'mahahandang palagi sa pagbigay ng kasagutan sa bawat tao na nagtatanong ng katuwiran ng pag-asa na nasa inyo na may kaamuan at takot' (1 Ped. 3:15). Ang kapayapaan ni Kristo ay mapapasa inyo."--5 T, p. 333.

**5. ANG PAGBABAGONG KINAKILANGAN NATIN**

**a. Anong uri ang ating karanasan kapag napanagumpayan natin ang pag-aalinlangan? Mat. 21:21, 22.**

“Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, bawat kakulangan ng ugali ay matutustusan, bawat karumihan ay malilinisan, bawat kamalian ay maitutuwid, bawat kagalingan ay mapapaunlad.

“ ‘Kayo ay sakdal sa kanya’ (Col. 2:10).

“Ang panalangin at pananampalataya ay magkasanib, at dapat silang pag-aralang magkasama. Sa panalangin ng pananampalataya ay may banal na siyensiya; ito ang siyensiya na ang bawat isa na nais gawing matagumpay ang gawain ng kanyang buhay ay dapat maunawaan. Sabi ni Kristo, ‘Anomang bagay ang inyong naisin, kapag kayo’y nananalangin, paniwalaan na ninyo na ito’y inyong tinanggap, at mapapasainyo ito’ (Mar. 11:24). Ipinaliwanag Niya na ang ating paghingi ay dapat na ayon sa kalooban ng Diyos; dapat nating hingin ang mga bagay na Kanyang ipinangako, at anoman ang ating tanggapin ay dapat gamitin sa pagganap ng Kanyang kalooban. Ang mga kondisyon ay dapat magawa, ang pangako ay malinaw.”--Ed. pp. 257, 258.

**b. Ano ang dapat nating pakikitungo sa ating mga kapuwa mananam-palataya? Juan 17:20, 21.**

“Ang sinomang nakikipaglaban sa digmaan para sa Prinsipe ng buhay ay dapat itutok ang kanilang mga sandata ng pakikidigma palabas, at huwag bumuo ng parisukat at itutok ang kanilang mga pampasabog sa mga naglilingkod sa bandila ng Prinsipe Emanuel. Wala tayong panahon sa pagsusugatan at paghahatakan sa isat-isa.”--CT, p. 235.

*Biyernes* *Setyembre 4*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

**1. Bakit pinahintulutan ng Diyos ang posibilidad ng pag-aalinlangan?**
**2. Ano ang ating sariling tungkulin sa pag-alis ng pag-aalinlangan?**
**3. Ano ang karaniwang pinagmumulan ng pag-aalinlangan?**
**4. Paano natin mapapanagumpayan ang lahat ng pag-aalinlangan?**
**5. Ano ang magiging bunga ng pagiging malaya sa pag-aalinlangan?**

# Isang Kasaysayan ng Pakikinig sa Diyos

**“Pakinggan ang mga tagubilin, at maging pantas, at huwag itong tanggihan” (Kaw. 8:33).**

“Ang bahagi ng panahon ni [Adan at Eba] ay dapat gamitin… sa pagtanggap ng mga pagdalaw ng mga anghel, na makinig sa kanilang mga tagubilin, at sa masayang pagbubulaybulay.”--1 SOP, p. 25.

**Mungkahing Babasahin:** *Education*, pp. 13-19.

***Linggo*** ***Setyembre 6***

**1. SI ADAN AT SI EBA**

**a. Paano si Adan at si Eba nakinig sa Diyos? Gen. 3:8 (unang bahagi).**

“Bawat araw ng paggawa ay nagbigay [kay Adan at Eba] ng kalusugan at kagalakan, at ang masayang mag-asawa ay masayang binabati ang pagdalaw ng kanilang Manlalalang, habang sa kalamigan ng araw Siya ay lumakad at nakipag-usap sa kanila. Araw-araw ang Diyos ay nagturo sa kanila ng Kanyang mga aral.”--MH, p. 261.

“Mukhaan, puso sa puso na pakikipag-usap sa Kanyang Manlalalang ang mataas na pribilihiyo ni [Adan]. Kung nanatili siyang tapat sa Diyos, lahat ng ito ay mapapasa kanya magpakailan man.”--Ed. p. 15.

**b. Paano si Adan at si Eba tumanggap ng banal na gabay matapos pumasok sa sanlibutan ang kasalanan? Gen. 3:16-19.**

“Ipinaalam ng mga anghel kay Adan na, kung paanong ang kanyang pagsalangsang ay nagdala ng kamatayan at kaabahan, ang buhay at kawalan ng kamatayan ay liliwanag sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesukristo.

“Kay Adan ay ipinahayag ang hinaharap, mahalagang mga pangyayari, mula sa pagpapalayas sa kanya sa Eden hanggang sa Baha, at hanggang sa unang pagparito ni Kristo sa lupa.”--1 SOP, p. 51.

**2. SI NOE AT SI ABRAHAM AY NAKINIG SA DIYOS NG TUWIRAN**

**a. Paano si Noe tumanggap ng banal na patnubay? Gen. 6:13-21. Paano si Noe tumugon sa mga tagubilin ng Diyos? Talatang 22.**

"Lahat ng pag-uusap sa pagitan ng langit at ng nagkasalang lahi ay sa pamamagitan ni Kristo. Ang Anak ng Diyos ang nagbigay sa ating unang mga magulang ng pangako ng pagtubos. Siya yaong nagpahayag ng Kanyang sarili sa mga patriarka. Si Adan, si Noe, si Abaraham, si Isaac, si Jacob, at si Moises ay nakaunawa sa ebanghelyo. Sila ay tumingin sa kaligtasan sa pamamagitan ng Kahalili at Katiyakan ng tao. Ang banal na mga taong ito noong una ay nakipag-usap sa Tagapagligtas na siyang darating sa ating sanlibutan na nagkatawang-tao; at ang ilan sa kanila ay nakipag-usap kay Kristo at sa makalangit na mga anghel ng mukhaan….

"Si Kristo yaong nagsalita sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng mga propeta…. Tinig ni Kristo yaong nagsalita sa atin sa pamamagitan ng Lumang Tipan."--PP, pp. 366, 367.

**b. Ano ang sinabi ng Diyos kay Abraham, at ano ang tugon ni Abraham? Gen. 22:1, 2, 11, 12.**

"Ang Diyos ay nagbigay ng dakilang parangal kay Abraham. Ang mga anghel sa langit ay lumakad at nakipag-usap sa kanya tulad ng magkakaibigan."—Ibid., p. 138.

"Ang makalangit na mga nilalang ay dumadalaw parin sa lupa tulad noong mga araw ng sila ay lumakad at nakipag-usap kay Abraham at kay Moises. Sa gitna ng abalang gawain ng ating malalaking siyudad, sa gitna ng nagdadagsaang karamihan sa malalaking daan at nagmamartsa sa mga kalakalan kung saan mula umaga hanggang gabi ang mga tao ay kumikilos na para bagang ang negosyo at palaruan at kalayawan ang siyang kanilang buhay, kung saan kakaunti ang nagbubulaybulay sa hindi nakikitang mga katotohanan—dito man ang langit ay may mga tagamasid at mga banal na anghel. May mga hindi nakikitang ahensiya na nagmamasid sa bawat salita at bawat gawa ng mga tao. Sa bawat pagtitipon para sa negosyo at kalayawan, sa bawat pagtitipon para sa pagsamba, mas marami ang mga tagapakinig kaysa sa nakikita ng mga mata. Minsan ang makalangit na mga kasangkapan ay hinahawi ang tabing na nagkukubli sa hindi nakikitang daigdig upang ang ating mga isipan ay maalis mula sa pagmamadali at pakikipag-unahan ng buhay at isiping may mga hindi nakikitang saksi sa lahat ng ating ginagawa o sinasabi."—COL, p. 176.

**3. SI MOISES AT SI AARON**

**a. Paano pinatnubayan ng Diyos si Moises noong panahong ang Israel ay dapat nang umalis sa Egipto? Exo. 3:4, 10.**

"Si Moises ay harapang nakipag-usap kay Jesus tulad sa isang nakikipag-usap sa kaibigan."—RH, Mar. 2, 1886.

" Nakakalito para sa pinakamatalas na kaisipan ang bigyang kahulugan ang banal na pagpapakita ng nagliliyab na puno. Hindi iyon panaginip; hindi iyon isang pangitain; iyon ay isang buhay na katotohanan—bagay na nakita ng mata ni Moises. Narinig niya ang tinig ng Diyos na tinatawag siya mula sa puno, at tinakpan niya ang kanyang mukha, naiisip na siya ay nakatayo sa harapan ng prsensiya ng Diyos. Ang Diyos ay nakikipag-usap sa tao. Hindi kailan man nailarawan ni Moises ang pagtatatak sa kanyang isipan ng tanawing kanyang nakita, at ng tono ng tinig na nangusap sa kanya; subalit ang pagkintal na ito'y hindi kailan man nabura. Ang langit ay lubhang lumapit sa kanya na, sa banal na paggalang at pagkamangha, nakinig siya sa mga salita, 'Ako ang Diyos ng iyong ama, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob' (Exo. 3:6). Kahanga-hangang pagpapakababa ng Diyos na iwanan ang kaharian ng langit, at magpakita kay Moises, na makipag-usap sa kanya ng harapan, 'tulad sa taong nakikipag-usap sa kaibigan' (Exo. 33:11)."—1 SDA BC [E.G. White Comments], p. 1099.

**b. Paano si Moises sa huli nakipag-usap sa Diyos? Exo. 33:18, 19.**

"Napasigla sa katiyakan ng presensiya ng Diyos, si Moises ay lalo pang lumapit at nangahas na humingi ng dagdag pang mga pagpapala. 'Nakikiusap ako sa iyo,' sabi niya, 'ipakita mo sa akin ang iyong kaluwalhatian' (Exo. 33:18). Iniisip mo ba na si Moises ay sinaway ng Diyos dahil sa kanyang kapangahasan? Tunay na hindi. Hindi ito ginawa ni Moises dahil sa mababaw na pag-uusisa. Siya ay may layuning iniisip. Nakita niya na sa Kanyang sariling lakas hindi niya magagawa ang gawain ng Diyos ng katanggap-tanggap. Alam niya na kung matatamo niya ang isang malinaw na pananaw sa kaluwalhatian ng Diyos, makakaya niyang sumulong sa kanyang mahalagang misyon, hindi sa kanyang sariling lakas, kundi sa lakas ng Pinakamakapangyarihang Panginoong Diyos."—RH, Mayo 11, 1897.

**k. Ano ang ibat-ibang paraan na ginamit ng Diyos sa pakikipag-usap kay Aaron? Exo. 6:13; 8:5; Lev. 10:8.**

**4. NAKILALA NG MGA ISRAELITA ANG TINIG NG DIYOS**

**a. Paano ang Diyos nangusap sa mga Israelita malapit sa Bundok Sinai? Deut. 5:4, 22.**

"Sinamahan ng Diyos ang pagpapahayag ng Kanyang kautusan ng pagtatanghal ng Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian, upang hindi makalimutan ng bayan ang tanawin, at sa gayon ay maikintal sa kanila ang banal na paggalang sa May-akda ng kautusan, ang Manlalalang ng langit at lupa. Nais din Niyang ipakita sa lahat ng tao ang kabanalan, at kahalagahan, at ang pananatili ng Kanyang kautusan."—PP, p. 309.

**b. Ano ang kanilang pinili sa halip na tuwirang makipag-usap sa Diyos? Bakit? Deut. 5:23-27.**

"Ang bayan ng Israel ay napuno ng takot. Ang nakakakilabot na kapangyarihan ng mga pagbigkas ng Diyos ay tila hindi kayang dalhin ng nangangatal nilang puso. Sapagkat habang ang dakilang alituntunin ng karapatan ay ipanapakita sa kanila, naunawaan nila ang nakakasuklam na katangian ng kasalanan, at ang kanilang sariling kasalanan sa paningin ng banal na Diyos. Sila ay umurong papalayo sa bundok sa takot at pangingilabot. Ang karamihan ay sumigaw kay Moises, 'Magsalita ka sa amin, at kami ay makikinig: ngunit huwag ang Diyos ang mangusap sa amin, at baka kami ay mamatay.' Ang pinuno ay sumagot, 'Huwag kayong matakot: sapagkat ang Diyos ay pumarito upang subukin kayo, at upang ang Kanyang takot ay makaharap ninyo, upang hindi kayo magkasala.' Ang bayan, gayon pa man, ay nanatiling malayo, na nakatingala na may takot sa tanawin, habang si Moises ay 'lumalapit sa makapal na kadiliman kung saan naroon ang Diyos' (Exo. 20:19-21)."—Ibid., pp. 309, 310.

**k. Paano ang Diyos nakipag-usap sa mga Israelita sa loob ng daang taon? Luc. 1:70.**

"Sa pamamagitan ng kalikasan, sa pamamagitan ng mga sagisag at mga simbolo, sa pamamagitan ng mga patriarka at mga propeta, ang Diyos ay nakipag-usap sa sanlibutan."—DA, p. 34.

"O ikaw na bansa, na pinagpala ng higit sa iba, ay nakakaalam ng panahon ng iyong pagdalaw, at ng mga bagay na para sa iyong kapayapaan! ... Hindi lamang ang mga lingkod, mga kinatawan, at mga propeta, ang inyong tinanggihan at itinakwil, kundi ang Isang Banal ng Israel, ang inyong Manunubos."—GC, p. 22.

*Huwebes* *Setyembre 10*

## 5. PAKIKINIG SA DIYOS SA ATING KARANASAN

**a. Paano ang Diyos nais makipag-usap sa atin ngayon? Heb. 1:2; Juan 5:39.**

"Si Adan at si Eba ay tumanggap ng kaalaman sa pamamagitan ng tuwirang pakikipag-usap sa Diyos; at sila'y natuto sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa…. Subalit dahil sa pagsalangsang ang tao ay naputol mula sa pagkatuto sa Diyos sa pamamagitan ng tuwirang pakikipag-usap at, sa malaking antas, sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa…. Ang kalikasan ay nagsasalita pa rin para sa Kanyang Manlalalang. Subalit ang mga pahayag na ito ay hindi ganap at hindi sakdal. At sa ating hulog na kalagayan, sa napahinang kapangyarihan at napipigilang pananaw, tayo ay walang kakayahang unawain ito ng tama. Kailangan natin ang mas lubos na pahayag ng Kanyang sarili na ibinigay ng Diyos sa Kanyang nakasulat na salita."—Ed. pp. 16, 17.

**b. Anong uri ng personal na karanasan ang nais ng Diyos na matamo natin sa Kanyang Salita? Awit 34:8; Jer. 15:16; 29:13.**

"May isang patunay na bukas para sa lahat—ang may pinakamataas na pinag-aralan, at ang pinaka walang pinag-aralan—ang patunay ng karanasan. Inaanyayahan tayo ng Diyos na patunayan sa ating sarili ang katotohanan ng Kanyang salita…. Sa halip na umasa sa salita ng iba, dapat natin itong malasahan sa ating sarili."—SC, p. 111.

"Ang Kristyano ay kilala kung sino ang kanyang pinaniniwalaan. Hindi lamang siya nagbabasa ng Biblia; nararanasan niya ang kapangyarihan ng mga aral nito….

"Magpapatotoo siya, 'Kinailangan ko ang tulong, at nasumpungan ko ito kay Jesus…. Alam ba ninyo kung bakit ako nananampalataya kay Jesus?—Sapagkat Siya ay banal na Tagapagligtas sa akin. Bakit ako naniniwala sa Biblia?—Sapagkat nasumpungan ko na ito'y tinig ng Diyos sa aking kaluluwa.'"—FLB, p. 16.

*Biyernes* *Setyembre 11*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

**1. Paano binago ng kasalanan ang pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ni Adan at Eba?**
**2. Paano ang Diyos nakipag-usap sa mga unang patriarka?**
**3. Ano ang naunawaan ni Moises doon sa nagliliyab na puno, at paano siya kumilos?**
**4. Paano ang Diyos nakipag-usap sa Israel sa panahon ng Lumang Tipan?**
**5. Paano natin maririnig ang Diyos ngayon?**

# Si Jesus ay Nakikinig sa Kanyang Ama

**"Ang Panginoong DIYOS ay nagbigay sa akin ng dila na may pinag-aralan, upang malaman ko kung paano bumigkas ng napapanahong salita sa kanya na napapagod: siya ay gumigising bawat umaga, ginigising niya ang aking tainga upang makinig tulad ng may pinag-aralan. Ang Panginoong DIYOS ay nagbukas ng aking tainga, at hindi ako mapanghimagsik, ni tumalikod man" (Isa. 50:4, 5).**

"[Si Jesus] ay nagtamo ng kaalaman na maaari din nating matamo."--DA, p. 70.

**Mungkahing Babasahin:** *The Desire of Ages,* pp. 68-74.

***Linggo*** ***Setyembre 13***

**1. ANG PARAAN NI JESUS SA PAG-AARAL**

**a. Paano natutunan ni Jesus ang katotohanan? Heb. 2:10, 16-18; Mat. 7:7**

**b. Sino ang Kanyang guro? Juan 5:20.**

"Ang batang si Jesus ay hindi tumanggap ng turo sa mga paaralan ng sinagoga. Ang Kanyang ina ang una niyang taong guro. Mula sa kanyang mga labi at mula sa mga balumbon ng mga propeta, natuto Siya ng makalangit na mga bagay. Ang salitang Kanya mismong binigkas kay Moises para sa Israel ay itinuturo sa Kanya ngayon sa tuhod ng Kanyang ina. Habang Siya ay lumalaki mula sa pagkabata tungo sa pagiging kabataan, hindi Niya hinanap ang paaralan ng mga guro. Hindi Niya kailangan ang edukasyon na matatamo sa gayong mga pinagmumulan; sapagkat ang Diyos ang Kanyang guro….

"Dahil Siya ay nagtamo ng kaalamang maaari din nating matamo, ang Kanyang malalim na pagiging bihasa sa Kasulatan ay nagpapakita kung gaanong pagsisikap sa Kanyang unang mga taon ang ibinigay sa pag-aaral ng salita ng Diyos. At nakalatag sa harapan Niya ang dakilang silid-aklatan ng mga nilalang ng Diyos. Siya na lumikha ng lahat na mga bagay ay nag-aral ng mga aral na ang Kanyang mga kamay mismo ang nagsulat sa lupa at sa dagat at sa langit…. Pinag-aralan Niya ang buhay ng mga pananim at mga hayop, at ang buhay ng tao."--DA, p. 70.

## 2. BAKIT HINDI PUMASOK SA PAARALAN SI JESUS

**a. Bakit si Jesus tumangging matuto mula sa mga guro? Roma 10:3; Juan 7:16.**

"Noong panahon ni Kristo, ang mga tagapagturo sa mga kabataan ay mahilig sa seremonya. Sa panahon ng Kanyang ministeryo, sinabi ni Jesus sa mga guro, 'Kayo ay nagkakamali, na hindi nalalaman ang Kasulatan, ni ang kapangyarihan ng Diyos.' At pinaratangan Niya sila na 'nagtuturo ng mga doktrina at kautusan ng mga tao' (Mat. 22:29; 15:9). Ang tradisyon ay kinikilala, at pinalalakas, at iginagalang higit kaysa sa Kasulatan. Ang mga kasabihan ng tao, at ang walang patid na pag-ikot ng mga seremonya, ang gumugugol ng mas malaking bahagi ng buhay ng mga mag-aaral, na ang edukasyon na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa Diyos ay napabayaan. Ang dakilang mga guro ay patuloy na nagpapalawak ng maliliit na bagay, na iniisa-isa ang bawat detalye na dapat ipangilin sa mga seremonya ng relihiyon, at ipinapataw ito bilang isang mataas na tungkulin sa mga nangingilin nito. Sila'y nagbabayad ng 'ikapu ng yerbabuena at eneldo at ng komino,' ngunit kanilang 'winalang-halaga ang mas mabibigat na bagay ng kautusan, katarungan, habag, at pananampalataya' (Mat. 23:23). Kung kaya madaming basura ang dinadala na nagtatakip sa paningin ng mga kabataan sa dakilang mahahalagang bagay sa paglilingkod sa Diyos.

"Sa sistema ng edukasyon ay walang lugar para sa personal na karanasan kung saan ang kaluluwa ay matututo para sa kanyang sarili ng kapangyarihan ng 'Sinasabi ng Panginoon,' at magtamo ng pagtitiwala sa banal na salitang iyon na siyang tanging magbibigay ng kapayapaan at kapangyarihan ng Diyos. Abala dahil sa ikot ng mga seremonya, ang mga mag-aaral sa mga paaralang ito ay hindi nakasumpong ng tahimik na panahon upang makipag-usap sa Diyos at makinig sa Kanyang tinig na nangungusap sa kanilang puso. Ang kinikilalang pinakamataas na edukasyon ng mga guro sa katunayan ay pinakamalaking hadlang tungo sa tunay na edukasyon. Ito'y salungat sa lahat ng tunay na paglago. Sa ilalim ng kanilang pagsasanay, ang kapangyarihan ng kabataan ay napipigilan, at ang kanilang isipan ay namamanhid at napapakitid."--FCE, pp. 438, 439.

"Ang likas ng tao ay palaging nakikipagpunyagi upang lumabas. Siya na naging sakdal kay Kristo ay dapat mawalan muna ng kapalaluan, ng pagtitiwala sa sarili. At magkakaroon ng katahimikan sa kaluluwa, at maririnig ang tinig ng Diyos."--ST, Abril 9, 1902.

**b. Ano ang tinakwil ni Jesus sa kanilang mga turo? Mat. 15:3, 9; Col. 2:8.**

## 3. MAGALANG NA HINDI PAGSANG-AYON

**a. Paano si Jesus magalang na nakinig at nakiusap sa mga pinuno ng Kanyang sariling iglesia nang pinalitan nila ang ebanghelyo ng tradisyon, na nagliligaw ng libu-libo? Luc. 2:46, 47.**

"Kung si Jesus ay lumitaw na nagsisikap na turuan [ang mga guro], hindi sila makikinig. Subalit binola nila ang kanilang sarili na tinuturuan nila Siya, o kaya sinusubukan ang Kanyang kaalaman sa Kasulatan. Ang batang kahinhinan at katalinuhan ni Jesus ay nagkalag ng kanilang masamang akala."--DA, p. 80.

**b. Sino ang ibinilang ni Jesus na Kanyang pamilya sa lupa? Mat. 12:50. Paano Siya tumugon nang ang Kanyang sariling pamilya ay sumunod sa tradisyon ng mga tao?**

"Ang mga kapatid na lalaki at babae ni Jesus ay tinuruan ng napakadaming mga tradisyon at mga seremonya ng mga guro, subalit si Kristo ay hindi mapilit na magkaroon ng interes sa mga bagay na ito. Habang naririnig sa bawat dako ang paulit-ulit na 'Gagawin mo,' at "Huwag mong gagawin,' Siya'y humiwalay sa mga pagbabawal na ito. Ang mga hinihingi ng lipunan at ang hinihingi ng Diyos ay palaging magkasalungat; at habang sa Kanyang pagiging kabataan hindi Siya gumawa ng tuwirang panunuligsa sa mga kaugalian at alituntunin ng mga nag-aral na guro, hindi Siya naging mag-aaral sa kanilang mga paaralan.

"Si Jesus ay hindi sumunod sa anomang kaugalian na mag-uutos sa Kanya na humiwalay mula sa kalooban ng Diyos, o inilagay Niya ang Kanyang sarili sa ilalim ng mga turo ng mga nagtataas ng mga salita ng tao higit sa salita ng Diyos. Sinaraduhan Niya ang kanyang isipan sa lahat ng mga palagay at pormalidad na wala ang Diyos bilang pundasyon. Hindi Niya binigyang pagkakataon ang mga ito upang impluwensiyahan Siya. Kung kaya Siya'y nagturo na mas mabuti ang iwasan ang masama kaysa tangkaing ituwid ito matapos na ito'y makakuha ng tungtungan sa isipan. At hindi nais ni Jesus na sa Kanyang halimbawa ay madala ang iba kung saan ilalagay nila ang kanilang sarili sa lugar na sila ay masisira. At hindi Niya inilagay ang Kanyang sarili sa kalagayan kung saan Siya'y madadala sa pakikipaglaban sa mga guro, na paglipas ng ilang mga taon ay maaaring magpahina ng Kanyang impluwensiya sa mga tao. Ito din ang dahilan na hindi Siya mapipilit na ipangilin ang walang saysay na mga seremonya o isagawa ang mga kasabihan na sa huli sa Kanyang ministeryo ay mahigpit Niyang sasawatain."--FCE, p. 439.

## 4. NATUTUTO MULA SA PANGINOON

**a. Sino ang may tungkulin sa edukasyon ni Jesus? Luc. 2:49; Juan 8:28.**

"Bagaman si Jesus ay nagpapasakop sa Kanyang mga magulang, Siya'y nagsimula sa napakamurang edad na kumilos para sa Kanyang sarili sa paghuhubog ng Kanyang ugali. Habang ang Kanyang ina ang unang taong guro Niya, patuloy Siyang tumatanggap ng edukasyon mula sa Kanyang Ama sa langit. Sa halip na tumitig sa mga natutunang kaalaman ng mga guro mula sa daang taon hanggang sa daang taon, si Jesus sa ilalim ng Makalangit na Guro, ay pinag-aralan ang salita ng Diyos, na dalisay at walang kasiraan, at pinag-aralan din ang dakilang aklat ng kalikasan…. Siya'y nagdala ng mas dalisay na kapaligiran sa buhay sa tahanan. Bagaman hindi Niya inilagay ang Kanyang sarili sa mga turo ng mga guro sa pagiging mag-aaral ng kanilang mga paaralan, madalas Siyang nakikipag-ugnayan sa kanila, at ang Kanyang mga katanungan, na para bagang Siya ay nais matuto, ay naging palaisipan sa matatalinong tao; sapagkat ang kanilang mga gawa ay taliwas sa mga Kasulatan, at wala sa kanila ang karunungan na galing sa Diyos. Maging sa mga hindi nalulugod sa Kanyang di-pagtupad sa kilalang mga kaugalian, ang Kanyang edukasyon ay tila mas mataas na uri kaysa sa kanilang sarili."--FCE, pp. 439, 440.

**b. Ano ang dapat na ating matutunan? Col. 3:1, 2; Mat. 11:29. Paano tayo dapat maturuan ng edukasyon?**

"Bawat bata ay maaaring magtamo ng kaalaman tulad ni Jesus. Habang sinisikap nating maging bihasa sa ating makalangit na Ama sa pamamagitan ng Kanyang salita, ang mga anghel ay lalapit, ang ating isipan ay mapapalakas, ang ating mga ugali ay maitataas at malilinis. Lalo tayong magiging tulad sa ating Tagapagligtas. At habang ating tinitingnan ang kagandahan ng kalikasan, ang ating damdamin ay mapapalapit sa Diyos. Habang ang espiritu ay namamangha, ang kaluluwa ay napapalakas sa pamamagitan ng pakikiugnay sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa. Ang pakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin ay nagpapalago ng mga kasangkapan ng isipan at moral, at ang mga kapang-yarihang espirituwal ay napapalakas habang ating nililinang ang isipan sa espirituwal na mga bagay."--DA, pp. 70, 71.

"Gawain ng tunay na edukasyon… na sanayin ang kabataan na maging mapag-isip, at hindi lamang tagapag-isip ng naiisip ng ibang tao. Sa halip na manatili sa kanilang pag-aaral sa mga sinabi at sinulat ng mga tao, dalhin ang mga mag-aaral sa pinagmumulan ng katotohanan, sa malawak na buki-rin na bukas para sa pagsasaliksik sa kalikasan at sa pahayag."--Ed, p. 17.

**5. TAYO DIN AY MAAARING MAGTAGUMPAY**

**a. Paano inihanda ni Jesus ang kanyang sarili para sa kanyang gawain? Isa. 50:4, 5.**

"Ang pakikipag-usap sa Diyos, ang sakdal na pagpapasakop ng kaluluwa sa Kanya, sa pagtupad ng Kanyang salita na hindi kabilang ang huwad na edukasyon o mga kaugalian o mga tradisyon sa Kanyang panahon, ang tatak ng buhay ni Jesus."--FCE, p. 440.

**b. Paano tayo dapat mag-aral upang magtagumpay? Isa. 55:6, 7.**

"Ang pagiging nagmamadaling palagi sa mga gawain, na naghahanap ng panlabas na pagtatanghal upang ipakita ang kanilang mas mataas na kabanalan, ang kahulugan ng relihiyon ayon sa pagtaya ng mga guro; habang kasabay nito, sa kanilang patuloy na paglabag sa salita ng Diyos, kanilang pinasasama ang daan ng Panginoon. Subalit ang edukasyon ng Diyos na nasa likod nito, ay magdadala sa mga tao sa paghahanap sa Diyos…. Ang walang hanggan ay hindi kailan man maitatali ng mga makataong organisasyon o mga makataong plano. Bawat kaluluwa ay dapat magkaroon ng personal na karanasan sa pagtamo ng kaalaman ng kalooban at daan ng Diyos. Sa lahat na nasa ilalim ng pagsasanay ng Diyos ay ipapahayag ang buhay na hindi kaayon sa sanglibutan, sa mga kaugalian nito, sa mga gawain nito, o sa mga karanasan nito. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kasulatan, sa pamamagitan ng masikap na panalangin, maririnig nila ang Kanyang mensahe sa kanila, 'Magsitahimik kayo at alamin ninyo na ako ang Diyos' (Awit 46:10). Kapag ang bawat ibang tinig ay bumubulong, kapag ang bawat makalupang interes ay itinatabi, ang katahimikan ng kaluluwa ay lalong makikilala ang tinig ng Diyos. Ang kapahingahan ay masusumpungan sa Kanya."--Ibid., pp. 440, 441.

*Biyernes* *Setyembre 18*

**Personal na mga Katanungan Para sa Pagbabalik-aral**

**1. Paano si Jesus natuto?**
**2. Ano ang mali sa sistema ng edukasyon sa Kanyang panahon?**
**3. Paano ipinakita ni Jesus ang Kanyang di-pagsang-ayon sa marami sa mga naghaharing mga kaugalian?**
**4. Paano natin mapapalago ang mga sangkap ng ating isipan?**
**5. Paano tayo magiging matagumpay tulad ni Jesus?**

# "Magsalita Ka, Panginoon"

**"Makinig kayo, O bayan ko, at ako'y mangungusap;… Ako ang Diyos, ang inyong Diyos" (Awit 50:7).**

"Maging handa palagi, na nagsasabi, 'Magsalita Ka, Panginoon; sapagkat ang iyong lingkod ay nakikinig' (1Sam. 3:9)."--RH, Hul. 26, 1898.

**Mungkahing Babasahin:** *Faith and Works,* pp. 121, 122.

***Linggo*** ***Setyembre 20***

**1. SI MARIA ANG KATULONG NA BABAE NG PANGINOON**

**a. Ano ang ugali ni Maria nang ang Diyos ay nagpadala sa kanya ng mensahe? Luc. 1:38.**

"[Pansinin] ang tapat, tulad sa batang pananampalataya ni Maria, ang dalaga sa Nazareth."--DA, p. 98.

**b. Sino pa ang naghula kay Kristo upang palakasin ang pananampalataya ni Maria? Luc. 1:41-43, 67-69; 2:25-32, 36-38.Sino ang nagsikap na sirain ang kanyang pananampalataya kay Jesus.**

"Madalas na tinututulan ni Maria si Jesus at iginigiit sa Kanya na makiayon sa kaugalian ng mga guro. Subalit hindi Siya mapilit na baguhin ang Kanyang kasanayan sa pagbubulaybulay ng mga gawa ng Diyos at magsikap na mapagaan ang paghihirap ng mga tao at maging ng mga piping hayop. Kapag inuutusan si Maria ng mga saserdote at mga guro na pigilan si Jesus, lubha siyang nababahala; subalit dumarating sa kanyang puso ang kapayapaan habang Kanyang ipinapakita ang mga pangungusap ng Kasulatan na nagpapatibay ng Kanyang mga gawa.

"Minsan siya'y nag-aalinlangan sa pagitan ni Jesus at ng Kanyang mga kapatid, na hindi naniniwala na Siya ang sinugo ng Diyos; subalit masagana ang patunay na taglay Niya ang banal na ugali. Nakita niya Siya na isinasakripisyo ang sarili para sa ikabubuti ng iba. Ang Kanyang presensiya ay nagdala ng mas dalisay na kapaligiran sa tahanan, at ang Kanyang buhay ay tulad sa pampaalsa na gumagawa sa gitna ng lipunan."--Ibid., p. 90.

## 2. SI SAMUEL, ISANG LINGKOD NG DIYOS

**a. Anong karanasan ang dapat na huwaran natin araw-araw? 1 Sam. 3:7-10.**

"Kung ilalagay mo ang iyong sarili kung saan ka nararapat upang makinig ng tinig ng Diyos, ikaw ay lalapit sa Kanya araw-araw, na sinasabi, 'Magsalita Ka, Panginoon; sapagkat ang iyong lingkod ay nakikinig.' 'Panginoon, ano ang nais mong gawin ko?' (1 Sam. 3:9; Gawa 9:6)."--GC Bulleten, Mar. 20, 1891.

"Kailangan nating magpakumbaba sa harapan ng Diyos ngayon. Hindi tayo dapat maghintay sa pagpapabaya, kundi sa maingat, magalang na katangian."--19 MS, p. 28.

**b. Paano natin dapat pahalagahan ang bawat talento, pagkakataon, at kakayahang mayroon tayo? 1 Cro. 29:12-14. Ano ang maaring sumira sa ugaling ito at magwasak ng ating espirituwal na karanasan?**

"Gaano man kalaki, gaano man kaliit, ang iyong talento, alalahanin na anomang nasa iyo ay ipinagkatiwala lamang. Sa gayon ikaw ay sinusubukan ng Diyos, na binibigyan ka ng pagkakataon na patunayan sa iyong sarili na ikaw ay tapat. Utang mo sa Kanya ang lahat ng iyong kakayahan. Sa Kanya nagmula ang kalakasan ng iyong katawan, isipan, at kaluluwa, at sa Kanya dapat gamitin ang mga kapangyarihang ito. Ang iyong panahon, ang iyong impluwensiya, ang iyong mga kakayahan, ang iyong mga kaalaman--lahat ay dapat ibilang na Kanya, na nagbigay ng lahat. Ginagamit niya ang mga kaloob sa kapakipakinabang, na nagsisikap na isakatuparan ang dakilang plano ng kaligtasan ng Panginoon para sa pagtataas ng sangkatauhan.

"Magpatuloy sa gawain na iyong sinimulan, hanggat iyong matamo ang sunod-sunod na tagumpay. Sanayin ang iyong sarili para sa isang layunin. Panatilihin sa iyong pananaw ang pinakamataas na pamantayan upang maisakatuparan mo ang mas malaki at higit pang kabutihan, na dito ay ipinakikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos."--YI, Ene. 25, 1910.

"Ang sarili ay malaki ang magagawa sa ating pangrelihiyong karanasan kaysa sa ating inaakala. Kapag naipako ang sarili sa krus, kapag nasupil ang matigas na kalooban, ang salaysay ng puso ay, 'Hindi ang aking kalooban, kundi Saiyo, ang maganap, O Diyos, na aking pinaglilingkuran.' 'Magsalita Ka, Panginoon, sapagkat ang iyong lingkod ay nakikinig.' Walang sinoman ang dapat maging tulad sa bituin, malamig at di-kumikilos. Ang makasarili, pangsanlibutang karangalan ay hindi na mananatili. Magkakaroon ng masayang pagkakasundo ng kadalisayan, pagtataas at karangalan, na karunungan mula sa Diyos at ang kaamuan at kababaang loob ni Jersukristo. Isang walang kasalanang tupa ang pinili bilang sagisag ni Kristo."--12 MS, p. 191.

**3. MAGING TULAD NI SAMUEL**

**a. Ano ang pinagmumulan ng tagumpay para sa bawat Kristyano? 1 Cor. 15:10.**

"Ang tagumpay ng bawat gawain ay nakabatay sa pagpapala ng Diyos. Kung ang Diyos ay gumagawang kasama mo, magagawa mo ang itinakda Niyang gawain para sa iyo. Kung kasama ang Diyos, magagawa ng isa na habulin ang isang libo, at ang dalwa ay palalayasin ang sampong libo. Subalit habang pinananatili mo ang espiritu na ito ng Pariseo, ang espiritu ng Diyos ay hindi, at hindi makakagawang kasama mo, sapagkat hindi mo nadarama ang lubusang pagtitiwala sa Kanya. Kung ikaw ay magiging mag-aaral sa paaralan ni Kristo, magkakaroon ka ng kasimplihan at kaamuan ng maliliit na bata, at magiging handang makipagpulong sa mga kapatiran, at mananalanging masikap para sa tulong ng Diyos. Ang iyong mga tainga ay mabubuksan, at masasabi mo sa iyong puso, 'Magsalita Ka, Panginoon, sapagkat ang iyong lingkod ay nakikinig.'"--E.G. White 1888 Mat. P. 410.

**b. Ano ang pinagmumulan ng kabiguan para sa sinomang Kristyano? Kaw. 12:15; Isa. 5:20.**

"Nais ng Diyos na ilagay sa inyo ang Kanyang espiritu; subalit hindi Niya ito magagawa habang kayo ay puno ng pagkamaksarili. Kapag ang sarili ay namatay, madarama ninyo ang nagpapasiglang impluwensiya ng espiritu ng Diyos. Ang bayan ng Diyos ay inutusang magsikap para sa pagkakaisa…. Ito'y hindi panahon para sa pagkakahiwahiwalay at pag-aaway, para sa pagpapakabuyo sa makasarili, masamang espiritu. Masusupil mo ba ang iyong sarili, o handa ka ba na ibilang ang iyong matigas, hindi nagpapasakop na kaisipan bilang patunay ng katapatan? Huwag nawang mangyari na ikaw ay mabulag, tulad ng mga Pariseo, at gawing mabuti ang masama, at ang mabuti ay gawing masama. Hindi ka kailan man magkakaroon ng mas malaking katibayan kaysa sa nariyan sa iyo kung saan ang espiritu ng Diyos ay gumagawa. Hindi kailan man iminungkahi ng Diyos na alisin ang lahat ng pagkakataon para sa tao na pag-alinlangan. Siya ay magbibigay ng sapat na katibayan upang dalhin ang matapat na isipan sa isang tamang pagpapasiya; subalit kung ikaw ay may pagpapasiya na magkaroon ng sariling daan, kung ikaw ay tulad ni Saul, na hindi handang baguhin ang iyong layunin dahil sa kapalaluan at katigasan ng puso, dahil sa kawalan ng kaalaman sa kalagayan ng iyong kadukhaan sa espirituwal, hindi mo makikilala ang liwanag. Sasabihin mo katulad ni Saul, 'Sinunod ko na ang kautusan ng Panginoon' (1 Sam. 15:13)."--Ibid., pp. 410, 411.

## 4. ISANG PAYO

**a. Ano ang mangyayari sa mga umasa sa makataong pangangatwiran sa halip na sumunod sa payo mula sa Diyos? Kaw. 1:24-26.**

"Habang ating binubulaybulay ang taimtim na mga salita ng babala na ibinigay sa Israel, tayo ay dinadala ng imahinasyon sa harapan ng dakilang maputing luklukan, kung saan sa harapan ng nagkakatipong sansinukob, bawat tao ay hahatulan ayon sa kanyang gawa…

"Kung kaya walang mahahabag sa kahangalan ng mga humamak at nagtakwil sa Diyos. Walang pagpapagaan ng kanilang kabiguan. Iniwan nila ang kanilang tapat at mapagmahal na Kaibigan, upang sundan ang daan ng kagaanan at makasanlibutang kalayawan. Minsan nais nilang bumalik sa Diyos. Subalit ang sanlibutan, sa kahangalan at pandaraya nito, ay hinila ang isipan. Ang mararangyang libangan, kapalaluan sa damit, pagpapakabuyo sa panlasa, ang nagpatigas ng puso at nagpamanhid ng konsiyensiya, upang ang tinig ng katotohanan ay hindi marinig. Ang tungkulin ay isang nakaka-yamot na salita. Ang mahahalagang bagay ay hindi gaanong pinahalagahan, hanggat ang puso ay nawalan ng lahat ng pagnanasa sa pagsasakripisyo para sa Kanya na napakalaki ang ibinigay para sa tao. Subalit sa panahon ng pag-aani ay titipunin nila ang mga bunga ng kanilang pananim….

" 'At sila'y tatawag sa akin, ngunit hindi ako sasagot; hahanapin nila ako ng maaga, subalit hindi nila ako masusumpungan: sapagkat kinasuk-laman nila ang kaalaman, at hindi pinili ang pagkatakot sa Panginoon: hindi nila nais ang aking payo: hinamak nila ang lahat ng aking saway. Kung kaya kakainin nila ang bunga ng kanilang sariling daan, at mabubusog ng kanilang sariling mga paraan' (Kaw. 1:28-31)."--ST, Agos. 18, 1881.

**b. Ano ang pangako sa mga nakinig sa Diyos? Kaw. 1:33.**

"Makakasumpong pa ba tayo ng mas tiyak na patnubay kaysa sa Panginoong Jesus? Ang tunay na relihiyon ay inilangkap sa Salita ng Diyos at nakabatay sa ilalim ng patnubay ng Isang Banal sa isipan, salita, at gawa. Siya na Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay ay pinili ang mababa, masikap, buong-pusong nagsasaliksik, at nagsasabi, Sumunod ka sa Akin. Pinapatnubayan Niya siya sa makipot na daan tungo sa kabanalan at langit. Binuksan ni Kristo ang daang ito para sa atin sa malaking sakripisyo sa Kanyang sarili. Hindi tayo pinabayaan na matisod sa ating daan ng kadiliman. Si Jesus ay nasa kanang kamay natin, nagsasabi, 'Ako ang Daan.' At lahat ng nagpapasiyang sumunod sa Panginoon ng lubusan ay papatnubayan tungo sa marangal na daan, Oo sa daan inihanda upang lakaran ng mga tinubos ng Panginoon."--RH, Mar. 29, 1906.

*Huwebes* *Setyembre 24*

## 5. ISANG PAGSAMO

**a. Ano ang ating matututunan mula sa panalangin ni David? Awit 119:33-38.**

"Ang makasalanang tumangging ibigay ang sarili sa Diyos ay nasa ilalim ng panghahawak ng ibang kapangyarihan, nakikinig sa ibang tinig, na ang mga mungkahi ay lubusang naiiba ang katangian. Hilig ang naghahari sa kanya, ang kanyang pagpapasiya ay nabulag, ang pang-unawa ay nasira, at ang mapusok na mga pagnanasa ang nagpaugoy sa kanya, ngayon ay dito, ngayon ay doon. Napakahina ng impluwensiya ng katotohanan sa kanya, sapagkat sa likas ng tao, kapag nahiwalay sa Bukal ng katotohanan, ay naroon ang patuloy na pagsalungat sa kalooban at daan ng Diyos. Ang katawan, isipan, at ang moral ay nasa ilalim ng panghahawak ng mapusok na damdamin. Ang damdamin ay napakasama, at ang bawat sangkap na ipinagkatiwala sa tao para sa tamang pagpapalago ay nasira. Ang tao ay patay sa pagkakamali at pagkakasala. Ang hilig ang kumikilos, ang sariling kagustuhan ang naghahari, at ang kanyang panlasa ay nasa ilalim ng pag-uugoy ng isang kapangyarihan kung saan hindi niya nalalaman. Siya'y nagsasalita ng kalayaan, ng kalayaan sa pagkilos, habang siya ay tunay na alipin."--RH, Peb. 17, 1891.

**b. Ipaliwanag kung paano natin maiiwasan na madaig ng kaaway. Sant. 4:7-10; Fil. 4:13.**

"Sinomang nagtatanyag na Kristyano ay patuloy na nangangailangan ng kapangyarihang wala sa kanilang sarili. Dapat silang magbantay na may pananalangin, at ilagay ang sarili sa ilalim ng pagbabantay ng Diyos, kung hindi, sila ay magagapi ng kaaway. Ang Kristiyano ay dapat tumingin sa Diyos, bilang isang alipin sa kanyang panginoon, bilang aliping babae sa kanyang panginoong babae, na sinasabi, 'Panginoon, ano ang nais mong gawin ko?' (Gawa 9:6)."--Ibid.

*Biyernes* *Setyembre 25*

### Personal na mga Katanungan Para sa pagbabalik-aral

**1. Ano ang ating matututunan mula kay Maria?**
**2. Ano ang ating matututunan mula sa karanasan ni Samuel bilang isang anak na kabataan?**
**3. Paano natin maipapakita na tayo ay mga mag-aaral sa paaralan ni Kristo?**
**4. Paano tayo makakalakad sa marangal na daan?**
**5. Paano natin maririnig ang Diyos at matamo ang Kanyang kapangyarihan sa ating buhay?**